



CITY OF CARSON

**PANGKALAHATANG ELEKSYONG MUNISIPAL
MARTES, NOBYEMBRE 6, 2018**

**PAMPHLET NG IMINUMUNGKAHING TSARTER NG LUNGSOD
ANG MGA BOTOHAN AY MAGBUBUKAS NG 7 A.M. AT MAGSASARA NG 8 P.M.
Pinagsama-sama at Inihanda ng Klerk ng Lungsod**

**★ EXPRESS ★
✓ YOURSELF**

<http://ci.carson.ca.us>



CITY OF CARSON

TANGGAPAN NG KLERK NG LUNGSOD

Minamahal na Botante ng Carson,

Huwag kalimutang BUMOTO sa Nobyembre 6, 2018!

Sa loob ng pamplet ng impormasyon sa botante na ito, makikita ninyo ang buong bersyon ng teksto ng iminumungkahing Tsarter ng Lungsod – **PANUKALA CA – TSARTER NG LUNGSOD**

Kayo ay tatanggap mula sa County ng Los Angeles ng patnubay ng impormasyon sa botante na kabibilangan ng Walang Pinapanigang Pagsusuring isinulat ng ating Abogado ng Lungsod, mga Argumentong isinulat na 'Panig' at 'Laban sa' Panukala CA.

Ang batas ng estado ay nag-aatas na ipadala ng Lungsod ang kopya ng iminumungkahing Tsarter ng Lungsod sa lahat ng nakarehistrong botante. Kami ay nagpapaumanhin kung ang inyong sambahayan ay tumanggap ng maraming kopya, ngunit iniaatas ng Estado na ang bawat botante ay makatanggap ng kopya.

Kung hindi kayo makakapunta sa botohan sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumoto-sa-koreo. Ang mga permanenteng botante ng Pagboto-sa-Koreo ay tatanggap ng kanilang opisyal na mga balota sa koreo sa linggo ng Oktubre 8, 2018. Kung ikaw ay hindi isang botante ng pagboto-sa-koreo, ngunit nagnanais na maging ganito, maaari kayong mag-aplay sa pamamagitan ng paggamit ng aplikasyon sa likod ng patnubay na ito. Ang pagboto-sa-koreo ay nagpapahintulot ng 29 araw upang makaboto sa Eleksyong ito.

Kung mas ninanais ninyong bumoto nang personal sa ika-6 ng Nobyembre, hangga't kayo ay nasa pila bago magsara ang mga botohan sa ika-8 ng gabi, kayo ay karapat-dapat na maghulog ng balota.

Hinihikayat ng Lungsod ng Carson ang lahat ng mamamayan nito na lumabas at bumoto. Ang inyong boto ay inyong boses! Kayo may ay boboto-sa-koreo o boboto-nang-personal, siguraduhing napapakinggan ang inyong boses sa Eleksyong ito.

Kung kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa inyong lugar ng botohan, kung paano humiling ng balotang pagboto-sa-koreo, o anumang iba pang mga katanungang may kaugnayan sa eleksyon, mangyaring tumawag sa aking tanggapan sa (310) 952-1720.

Sumasainyo,

Klerk ng Lungsod/Opisyal ng mga Eleksyon

Ang kinabukasan ng ating magandang demokrasya ay nakasalalay sa inyong mga kamay: Bumoto!

LUNGSOD NG CARSON TSARTER NG LUNGSOD NGAYONG IKA-7 NG AGOSTO, 2018

Ang Lungsod ng Carson, ingkorporado bilang lungsod ng pangkalahatang batas ng Californianoong ika-20 ng Pebrero, 1968. Noong ika-6 ng Nobyembre, 2018, sa pag-apruba ng mgabotante ng Lungsod, ang Lungsod ng Carson ay naging tsarter na lungsod ng California.

TALAN NG MGA NILALAMAN

ARTIKULO I – INKORPORASYON AT PAGHALILI.....	7
SEKSYON 100. Pangalan at mga Hangganan.....	7
SEKSYON 101. Paghalili, Mga Karapatan at Pananagutan.....	7
SEKSYON 102. Mga Ordinansa.....	7
SEKSYON 103. Pagpapatuloy ng mga Kasalukuyang Opisyal at Empleyado.....	7
SEKSYON 104. Pagpapatuloy ng mga Kontrata at Prangkisa.....	8
SEKSYON 105. Mga Nakabinbing Aksyon at Paglilitis.....	8
SEKSYON 106. Sagisag.....	9
SEKSYON 107. Kakayahang Maihiwalay.....	9
SEKSYON 108. Epektibong Petsa ng Tsarter.....	9
SEKSYON 109. Pagbanggit.....	9
SEKSYON 110. Interpretasyon.....	10
SEKSYON 111. Pag-amyenda.....	10
ARTIKULO II – MGA KAPANGYARIHAN NG LUNGSOD.....	10
SEKSYON 200. Mga Kapangyarihan.....	10
SEKSYON 201. Mga Pamamaraan.....	11
SEKSYON 202. Anyo ng Pamahalaan.....	11
SEKSYON 203. Mga Ugnayan sa Pagitan ng mga Pamahalaan.....	11
SEKSYON 204. Pagtatatag ng mga Espesyalisadong Ahensya o Awtoridad.....	12
SEKSYON 205. Pagkontrata sa Awtoridad.....	13
SEKSYON 206. Pag-unlad ng Ekonomiya.....	14
SEKSYON 207. Pangkalahatang Awtoridad sa Paggamit ng Lupa.....	20
SEKSYON 208. Paghupa ng mga Hindi Kumukumpormeng Paggamit.....	22
SEKSYON 209. Regulasyon sa Cannabis; Pagbabawal sa Nagtitinging Dispensaryo.....	23
ARTIKULO III – KONSEHO NG LUNGSOD.....	25
SEKSYON 300. Mga Kapangyarihang Ipinagkaloob sa Konseho ng Lungsod.....	25
SEKSYON 301. Mga Ibinobotong Opisyal; Kabayaran.....	25
SEKSYON 302. Alkalde; Pansamantalang Alkalde.....	26
SEKSYON 303. Pagiging Karapat-dapat.....	27
SEKSYON 304. Kompensasyon at mga Gastusin.....	27
SEKSYON 305. Limitasyon sa mga Termino.....	28
SEKSYON 306. Mga Pagkabakante.....	28
SEKSYON 307. Pakikialam sa Serbisyong Pampangasiwaan.....	30

SEKSYON 308. Mga Pagpupulong.	30
SEKSYON 309. Mga Espesyal na Pagpupulong.....	30
SEKSYON 310. Korum; Mga Pamamaraan.	30
SEKSYON 311. Mga Panunumpa; Mga Subpoena.....	31
SEKSYON 312. Paglahok ng Mamamayan.....	31
SEKSYON 313. Pagpapatibay ng mga Ordinansa at Resolusyon.	32
SEKSYON 314. Mga Ordinansa; Mga Paglalathala.	33
SEKSYON 315. Pagsasakodigo ng mga Ordinansa.	34
SEKSYON 316. Mga Ordinansa. Kailan Epektibo.....	37
SEKSYON 317. Mga Ordinansa; Paglabag; Parusa.	38
SEKSYON 318. Paglalathala ng mga Paunawang Pambatas.	38
SEKSYON 319. Mga Kontrata; Ari-arian.	39
ARTIKULO IV – TAGAPAMAHALA NG LUNGSOD AT ABOGADO NG LUNGSOD	40
SEKSYON 400. Tagapamahala ng Lungsod.....	40
SEKSYON 401. Pagiging Karapat-dapat.....	41
SEKSYON 402. Kompensasyon at Bono.	41
SEKSYON 403. Tagapamahala ng Lungsod, mga Kapangyarihan at Tungkulin.....	42
SEKSYON 404. Pagtanggap sa Puwesto.....	42
SEKSYON 405. Tumatayong Tagapamahala ng Lungsod.....	42
SEKSYON 406. Abogado ng Lungsod.	43
SEKSYON 407. Abogado ng Lungsod, mga Kapangyarihan at Tungkulin.	43
ARTIKULO V – MGA OPISYAL AT EMPLEYADO	44
SEKSYON 500. Mga Nangangasiwang Departamento.....	44
SEKSYON 501. Klerk ng Lungsod; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.....	45
SEKSYON 502. Ingat-Yaman ng Lungsod; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.	50
SEKSYON 503. Kompensasyon.....	52
SEKSYON 504. Mga Pinuno ng Departamento.....	52
SEKSYON 505. Nepotismo, Paboritismo, at Katiwalian	52
ARTIKULO VI – MGA HUMIHIRANG NA LUPON, KOMITE AT KOMISYON	50
SEKSYON 600. Sa Pangkalahatan.	50
SEKSYON 601. Mga Paglalaan.....	51
SEKSYON 602. Mga Paghihirang; Mga Panahon ng Panunungkulan.....	51
SEKSYON 603. Mga Tagapangulo; Mga Pagpupulong; Mga Tauhan; Mga Patakarán.....	52
SEKSYON 604. Kompensasyon.....	53

SEKSYON 605. Pagtanggap sa Puwesto; Mga Pagkabakante.....	53
SEKSYON 606. Komisyon sa Pagpapalano; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.....	54
SEKSYON 607. Lupon ng Pagrerepaso sa Renta ng Parke ng Mobile Home (Tirahang Nakahimpil sa Isang Lugar).....	55
SEKSYON 608. Awtoridad sa Pabahay ng Carson.....	56
SEKSYON 609. Awtoridad sa Pagpapanauli ng Carson.....	57
ARTIKULO VII – SISTEMA PARA SA MGA TAUHAN.....	57
SEKSYON 700. Sistema para sa mga Tauhan.....	57
SEKSYON 701. Mga Patakaran at Pamamalakad para sa mga Tauhan.....	62
SEKSYON 702. Mga Kontrata ng Empleyado; Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng Estado.....	60
SEKSYON 703. Pagiging Karapat-dapat para sa Hinirang na Katungkulan.....	61
SEKSYON 704. Mga Iligal na Kontrata; Interes sa Pananalapi.....	61
SEKSYON 705. Komisyon sa Serbisyong Sibil.....	62
ARTIKULO VIII – ELECTIONS.....	64
SEKSYON 800. Awtoridad.....	64
SEKSYON 801. Mga Pangkalahatang Eleksyong Munisipal.....	64
SEKSYON 802. Mga Espesyal na Eleksyong Munisipal.....	65
SEKSYON 803. Mga Pamamaraan sa Pagdaos ng mga Eleksyon.....	65
SEKSYON 804. Inisyatiba, Reperendum at Pagbawi ng Katungkulan.....	65
ARTIKULO IX – FISCAL ADMINISTRATION.....	66
SEKSYON 900. Piskal na Taon.....	66
SEKSYON 901. Taunang Badyet.....	66
SEKSYON 902. Iminumungkahing Badyet, Pagsumite sa Konseho ng Lungsod.....	66
SEKSYON 903. Badyet, Pampublikong Pagdinig.....	67
SEKSYON 904. Badyet; Pagpapatibay.....	67
SEKSYON 905. Badyet; Mga Paglalaan.....	68
SEKSYON 906. Pangmunisipal na Pananalapi at Awtoridad sa Buwis.....	68
SEKSYON 907. Limitasyon sa Awtoridad sa Buwis.....	69
SEKSYON 908. Mga Singil at Pagtatasa.....	75
SEKSYON 909. Utang sa Bono.....	75
SEKSYON 910. Eleksyon para sa mga Pangunahing Proyektong Pangkapital.....	76
SEKSYON 911. Mga Pondo sa Negosyo.....	72
SEKSYON 912. Paghaharap ng mga Hinihingi.....	77
SEKSYON 913. Malayang Pag-oodit.....	75

SEKSYON 914. Ordinansa sa Pagbili.	80
SEKSYON 915. Pag-outsource.	77
SEKSYON 916. Panlokal na Preperensya.	83
SEKSYON 917. Regalo ng mga Pampublikong Pondo.	84
ARTIKULO X – MGA PRANGKISA.....	80
SEKSYON 1000. Paggawad ng mga Prangkisa.....	80
SEKSYON 1001. Resolusyon ng Intensyon; Paunawa at Pampublikong Pagdinig...	81
SEKSYON 1002. Termino ng Prangkisa.....	82
SEKSYON 1003. Mga Layunin ng Artikulo; Hindi Naaangkop sa Lungsod.....	83
SEKSYON 1004. Eminent Domain (Karapatan ng Pamahalaan sa Pribadong Ari-arian).....	83

PREAMBULO

Kami, ang mga Mamamayan ng Lungsod ng Carson, ng Estado ng California, ay idinideklara ang aming layong protektahan at pangalagaan ang mga pagpapahalagang gumabay at nagpanatili sa aming Lungsod simula nang ito ay binuo noong 1968. Mahal namin ang makasaysayang doktrina ng sariling pamamahala; ang karapatang pagpasyahan ang estruktura ng aming pamahalaan, ang mga paggamit at anyo ng aming lupain, at ang karakter ng aming komunidad. Ang aming Lungsod ay may mga espesyal na pinagkukunang yamang may malakas na pinagbabatayang industriya at mga katangi-tanging oportunidad sa pagpapaunlad; ang Lungsod ay maaaring maging isang pinagmumulan ng lakas ng ekonomiya sa sentro ng mga pangunahing panrehiyong lagusang pantransportasyon. Ang tamang pag-unlad ay magpapahintulot sa aming magbigay ng mataas na kalidad ng buhay at mga serbisyo para sa aming mga residente habang itinataguyod ang kalidad at hustiyang panlipuan, pang-ekonomiya, at pangkapaligiran. Naniniwala kaming ang responsibilidad sa pananalapi at ang maingat na pangangasiwa sa mga pampublikong pondo ay mahalaga para sa kumpiyansa sa pamamahala, na ang etika at integridad ay ang pundasyon sa tiwala ng publiko; at na ang makatwirang pamamahala ay nakatayo sa mga pagpapahalagang ito. Ang malinaw na layunin ng Tsarter na ito ay upang patatagin at gampanan para sa Lungsod ng Carson ang buong saklaw ng pagkontrol sa mga kalakaran nitong pangmunisipal na pinahihintulutan ng batas. Sa pamamagitan nito, aming ginagampanan ang malinaw na mga karapatan sa sariling pamamahalang iginawad ng Saligang Batas ng Estado ng California para sa mga mamamayan at pinagtitibay ang Tsarter na ito para sa mga mamamayan ng Lungsod ng Carson.

ARTIKULO I – INKORPORASYON AT PAGHALILI

SEKSYON 100. Pangalan at mga Hangganan.

Ang Lungsod ng Carson, na simula rito ay tatawaging Lungsod, ay patuloy na magiging korporasyong munisipal ng California sa ilalim ng kasalukuyan nitong pangalang “Lungsod ng Carson.” Ang mga hangganan ng Lungsod ay magiging mga hangganang itinatag sa oras na magkabisang Tsarter na ito, at gaya ng ang mga naturang hangganan ay maaaring mabago pagkatapos nito nang pana-panahon sa paraang pinahihintulutan ng batas.

SEKSYON 101. Paghalili, Mga Karapatan at Pananagutan.

Ang Lungsod ay magpapatuloy sa pagmamay-ari, pagkakaroon at pagkontrol sa lahat ng mga karapatan at ari-arian ng bawat uri at kalikasang pag-aari, pagkakaroon o kontrolado nito sa panahong magiging epektibo ang Tsarter na ito at magpapatuloy sa sasailalim sa lahat ng pagkakautang, obligasyon, pananagutan at kontrata nito.

SEKSYON 102. Mga Ordinansa.

Lahat ng ordinansa, resolusyon, patakaran at regulasyong naaayon sa batas, at mga bahagi nito, na ipinapatupad sa panahong ang Tsarter na ito ay magiging epektibo, at hindi sumasalungat o hindi naaayon dito, ay sa pamamagitan nito, patuloy na ipapatupad hanggang sa ang mga ito ay maipawalang-bisa, ma-amyendahan, mabago o mapalitan.

SEKSYON 103. Pagpapatuloy ng mga Kasalukuyang Opisyal at Empleyado.

Ang mga kasalukuyang opisyal at empleyado ng Lungsod ay magpapatuloy sa pagganap ng kanilang mga tungkulin ng kanilang mga nauukol na katungkulan at

trabaho nang walang abala hanggang sa ang paghirang o paghalal at kwalipikasyon ng kanilang mga kahalili, ngunit sasailalim sa pagtanggap, pag-amyenda, pagbabago o pagkontrol gaya ng ipinagkakaloob ng Tsarter na ito. Walang nakapaloob sa Charter na ito, maliban kung sa ibang paraan ay tiyak na nakasaad dito, ang makakaapekto o makakapagpahina sa mga karapatan ng mga tauhan, pensyon, o pagreretiro o mga pribilehiyo ng mga opisyal o empleyado ng Lungsod, o ng anumang tanggapan, departamento, o ahensya dito, na umiiral sa panahong magiging epektibo ang Tsarter.

SEKSYON 104. Pagpapatuloy ng mga Kontrata at Prangkisa.

Ang lahat ng kontratang pinasukan ng Lungsod o para sa kapakinabangan nito bago ang epektibong petsa ng Tsarter na ito at pagkatapos bilang ipinapatupad, at magpapatuloy nang buong pwersa at epekto alinsunod sa mga tuntunin, maliban kung nakasaad sa Seksyon 1002 ng Tsarter na ito para sa ilang mga prangkisa.

SEKSYON 105. Mga Nakabinbing Aksyon at Paglilitis.

Walang aksyon o paglilitis, sibil o kriminal, nai-file at nakabinbin sa panahon magiging epektibo ang Tsarter na ito, na iniharap ng o laban sa Lungsod o sinumang opisyal, anumang tanggapan, departamento o ahensya nito, ang maaapektuhan o mapapahupa sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Tsarter na ito o ng anumang nakapaloob sa Tsarter, ngunit ang lahat ng naturang aksyon o paglilitis ay maaaring maipagpatuloy sa kabila ng mga ginagampanan, kapangyarihan, at tungkulin ng sinumang opisyal, anumang tanggapan, departamento o ahensyang ito ay kabahagi, maaaring maitalaga o mailipat ng o sa ilalim ng Tsarter na ito sa isa pang opisyal, tanggapan, departamento o ahensya, ngunit sa kaganapang iyon ay maaaring mausig o maipagtanggol ng pinuno ng tanggapan, departamento o ahensya kung saan ang mga naturang ginagampanan, kapangyarihan at tungkulin ay naitalaga o nailipat ng o sa ilalim ng Tsarter na ito.

SEKSYON 106. Sagisag.

Ang opisyal na sagisag ng Lungsod sa panahong magiging epektibo ang tsarter na ito ay patuloy na magiging opisyal na sagisag ng Lungsod para sa mga gawain at negosyo nito maliban kung at hanggang mabago sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 107. Kakayahang Maihiwalay.

Kung ang anumang artikulo, mga seksyon, pangungusap, sugnay o bahagi ng Tsarter na ito ay para sa anumang dahilan ay napagpasyahang hindi balido o labag sa Saligang Batas ng anumang hukom na may kakayahang hurisdiksyon, ang naturang bahagi ay ituturing na isang hiwalay, naiiba at malayang probisyon at maihihiwalay at ang naturang pagpapasya ay hindi makakaapekto sa pagkabalido ng mga natitirang bahagi ng Tsarter na ito.

SEKSYON 108. Epektibong Petsa ng Tsarter.

Ang Tsarter na ito ay magkakabisa sa oras na ito ay maaprubahan at mapagtibay ng mga kwalipikadong botante ng Lungsod at, kung maaaprubahan, pagkatapos ng pag-file at pagtanggap ng Kalihim ng Estado, alinsunod sa batas ng Estado.

SEKSYON 109. Pagbanggit.

Ang anumang pagbanggit sa anumang espesipikong probisyon ng batas ng Estado sa ilalim nito, ay mauunawaang iniaangkop sa anumang mga kasunod na pag-amyenda o rebisyon sa mga naturang seksyon hangga't ang mga naturang pag-aamyenda o rebisyon ay higit sa lahat naaayon sa mga naturang awtoridad sa epektibong petsa nito

SEKSYON 110. Interpretasyon

Ang mga probisyon ng Tsarter na ito ay mauunawaan alinsunod sa karaniwang tinatanggap na kahulugan ng wikang ginagamit, at sa kaganapan ng anumang ipinahahayag na kalabuan sa, o hindi pagkakasundo tungkol sa, interpretasyon ng anumang bagay dito, ang kalabuan o hindi pagkakasundo ay lulutasin sa pamamagitan ng isang konstruksyong pinakamahusay na nagdadala ng pangkalahatang nilalaman ng Tsarter na ito gaya ng ipinahahayag sa mga takda rito.

SEKSYON 111. Pag-amyenda.

Anumang mungkahi para sa pag-amyenda, rebisyon, o pagpapawalang-bisa ng Tsarter na ito o anumang bahagi dito ay maaaring imungkahi ng isang mayoryang apirmatibong boto ng konseho ng lungsod, o sa pamamagitan ng inisyatiba ng mga Mamamayan ng Lungsod ng Carson. Walang naturang mungkahi ay magiging epektibo hanggang sa maaprubahan ng isang mayoryang boto ng mga botanteng boboto sa pambuong-estadong pangkalahatang eleksyon, para sa mga mungkahi ng konseho ng lungsod, o sa pambuong-estadong pangkalahatan, pambuong-estadong primarya, o regular na nakatakdang pangkalahatang munisipal na eleksyon, para sa mga mungkahi ng inisyatiba, at mai-file sa Kalihim ng Estado, alinsunod sa batas ng Estado.

ARTIKULO II – MGA KAPANGYARIHAN NG LUNGSOD

SEKSYON 200. Mga Kapangyarihan.

Ang Lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihang gumawa at magpatupad ng lahat ng batas at regulasyong may kinalaman sa mga pangmunisipal na kalakaran, na sumasailalim lamang sa mga naturang pagbabawal at limitasyon gaya ng nakasaad sa Tsarter na ito at sa Saligang Batas ng California at upang maiwasan ang mga pagsasabatas ng Estado ng California na sumasalungat dito. Ang Lungsod ay magkakaroon din ng kapangyarihang gampanan, o kumilos alinsunod sa anuman at

lahat ng karapatan, kapangyarihan, pribilehiyo o pamamaraan, dati, o pagkatapos ay maitatag, maigawad, o maiatas ng anumang batas ng Estado, sa pamamagitan ng Tsarter na ito, o sa pamamagitan ng iba pang awtoridad na naaayon sa batas, o kung saan ang korposasyong munisipal ay maaaring gampanan, o kumilos alinsunod sa, sa ilalim ng Saligang Batas ng Estado ng California. Ang pag-iisa-isa sa Tsarter na ito ng anumang partikular na kapangyarihan ay hindi gagawin upang maging eksklusibo sa, o anumang limitasyon sa, anumang tuntuning panlahat ng mga naunang probisyon. Ang Tsarter na ito ay lubos na mauunawaan upang magawaran ang Lungsod ng lahat ng ligal na awtoridad at mga kapangyarihang kailangan upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng lahat ng mamamayan ng Lungsod.

SEKSYON 201. Mga Pamamaraan.

Ang Lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihan upang at maaaring kumilos alinsunod sa anumang pamamaraan itinatag ng anumang batas ng Estado, maliban kung iniaatas ang ibang pamamaraan ng Tsarter na ito.

SEKSYON 202. Anyo ng Pamahalaan.

Ang munisipal na pamahalaang itatatag ng Tsarter na ito ay patuloy na magiging uri ng pamahalaang kilala bilang “Konseho-Tagapamahala” na anyo ng pamahalaan nang sa gayon ang konseho ng lungsod ay makakapagtatag ng mga patakaran ng Lungsod, at ang tagapamahala ng lungsod ay makakapangasiwa sa pamahalaan ng Lungsod alinsunod sa mga naturang patakaran.

SEKSYON 203. Mga Ugnayan sa Pagitan ng mga Pamahalaan.

Maaaring gampanan ng Lungsod ang alinmang sa awtoridad nito at gampanan ang alinman sa mga kapangyahiran nito nang magkasama, o sa pakikipagtulungan sa, isa o

higit pang mga lungsod, county, estado, Estados Unidos, o anumang pampulitikang subdibisyon, dibisyong sibil, o ahensya dito, o iba pang pampamahalaang entidad sa pamamagitan ng pagpasok sa mga pinagsamang kasunduan ng mga kapangkarihan sa mga naturang entidad o sa naturang ibang pang paraan gaya ng pinahihintulutan ng batas.

SEKSYON 204. Pagtatatag ng mga Espesyalisadong Ahensya o Awtoridad.

Ang Lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihang magtatag ng mga awtoridad o entidad para sa pabahay, pagkontrol ng renta sa mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar), pagpapaunlad ng ekonomiya, pagpapanauli at pagreremedyo, pananalapi, o iba pang mga espesyal na distrito o komisyon o ahensya ng espesyalisadong kadalubhasaan sa buong lawak na mapapahintulutan ng pang-estado o pederal na batas, upang maisakatuparan ang gawain ng Lungsod o sa ibang paraan ay maisulong ang kalusugan, kaligtasan, o pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan nito. Ang anumang naturang entidad dito, kabilang ang Carson Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay ng Carson), Carson Reclamation Authority (Awtoridad sa Pagpapanauli ng Carson), Civil Service Commission (Komisyon sa Serbisyo Sibil), Mobile Home Park Rental Review Board (Lupon ng Pagrerepaso sa Renta ng Parke ng Tirahang Nakahimpil sa Isang Lugar), at Planning Commission (Komisyon sa Pagpaplano) ay maaari lamang mabuwag kapag ang kanilang mga layunin ay natupad na at sa pamamagitan ng pag-amyenda ng Tsarter na ito. Ang lahat ng espesyalisadong ahensyang nilikha ng Lungsod at umiiral sa epektibong petsa ng Tsarter na ito ay magpapatuloy sa pagganap sa kanilang mga tungkulin at magpapatakbo alinsunod sa kanilang umiiral na ligal na awtoridad at, bilang karagdagan, sa anumang awtoridad na iginawad sa ilalim nito, maliban kung at hanggang sa ipagkaloob ng konseho ng lungsod sa ibang paraan sa pamamagitan ng ordinasa o resolusyon.

SEKSYON 205. Pagkontrata sa Awtoridad.

Ang Lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihang makipagkontrata sa anumang county, lungsod, o iba pang pampamahalaang lupon para sa pagganap sa mga tungkulin o mga serbisyo ng Lungsod sa pamamagitan ng naturang county, lungsod o iba pang lupon, kabilang ang, ngunit nang walang limitasyon para sa pagpapatupad ng batas at mga serbisyo para sa sunog, at ang Lungsod ay magkakaroon din ng kapangyarihang ilipat ang alinman sa mga tungkulin nito at alinman sa mga tungkulin ng isang opisyal, lupon, o komisyon ng Lungsod sa isang opisyal, lupon, o commission ng county kung saan ang lungsod ay matatagpuan sa kundisyong ang Lungsod ay magpapanatili ng awtoridad upang direktahan ang mga aksyon ng lupon alinsunod sa kontrata at ganap ng awtoridad ng Lungsod.

Ang responsibilidad para sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas at sa proteksyon sa sunog ay ikinokontrata sa Departamento ng Siyerip ng County ng LA at Departamento para sa Sunog ng County ng LA (Pinagsamang Distrito ng Proteksyon sa Sunog ng County ng Los Angeles). Ang Lungsod ay maaaring hindi magtatag ng sarili nitong mga departamento sa pagpapatupad ng batas o para sa sunog upang magkaloob ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas o proteksyon sa sunog maliban o kung para lamang sa: (1) pagkumpleto ng isang komprehensibong pagsusuri sa pananalapi na sumusuporta sa isang pagtuklas ng komisyon sa pagpapalano at konseho ng lungsod na ang pagpapanatili ng isang departamento sa pagpapatupad ng batas o para sa sunog ng Lungsod ay mapapanatili ng pananalapi at magtatagumpay sa loob ng hindi bababa sa 20 taon, (2) isang mungkahing ay inaprubahan ng dalawang-katlong boto ng komisyon sa pagpapalano at konseho ng lungsod, (3) ay inaprubahan ng mayorya ng mga botante ng Lungsod, at (4) inaprubahang pagsunod sa mga iniaatas ng Los Angeles County Local Agency Formation Commission (Komisyon sa Pagbuo ng Lokal na Ahensya ng County ng Los Angeles - LAFCO) at anumang iba pang mga iniaatas ng Estado at County.

SEKSYON 206. Pag-unlad ng Ekonomiya.

A. Mga Oportunidad sa Pag-unlad ng Ekonomiya. Ang Lungsod ay matatagpuan sa magkakakonektang pangunahing koridor ng malalawak na daan na may pinamakabuting akses sa Downtown (Kabayanan) Los Angeles, sentrong pang-ekonomiya ng West Los Angeles at sentro ng gilid ng Pasipiko ng sistema ng daungan ng Los Angeles/Long Beach, isa sa pinakamalalaking sentro ng kalakalan sa mundo, na pinakamalaki sa Estados Unidos. Ang Carson ay orihinal na nakita bilang isang pinakamahusay na lokasyon para sa mga pangmalakihang proyektong pang-industriya gaya ng mga Pabrika ng Pagdalisay ng Langis ng Shell at Tesoro at mga pangunahing pagpapatakpong pang-imbakan at panlohistiko. Ngunit, bago ang ingkorporasyon at sa pag-unlad ng pabahay pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig, ang Carson ay naging isang lugar para sa mga tambakan ng basura at iba'ibang mga hindi kanais-nais na paggamit. Ang malalawak na lugar ng tambakan ng basura ay nakapag-iwan sa mga pangunahing lugar bilang nangangailangan ng paglilinis na kasalukuyang hindi maaaring gamitin para sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Alinsunod dito, sa ganda ng lokasyon ng Carson, sa mga pangunahing industriya at empleyado, at ang malalaking ari-ariang hindi pa napapaunlad, ito ay nagpapakita ng mga oportunidad sa espesyal na pagpapaunlad para sa Carson na maaaring maitaguyod ng Tsarter na ito.

B. Mga Limitasyon. Natuklasan ng Lungsod na ang dating programa nito sa muling pagpapaunlad, na binuwag alinsunod sa batas ng estado, ay mahalaga sa muling pagpapaunlad ng maraming bakante, kontaminado, at nasirang parsela na pumangit sa deka-dekadang maling paggamit, pagtatapon ng basura at iba pang pagtatambak, mga sentro ng pagbabaklas ng sasakyan, at iba pang mga kahalintulad na paggamit. Isinama rin sa iba pang mga paggamit ang: (i) pagiging isang lungsod na may mababang buwis sa ari-arian na may mga buwis sa ari-ariang inilalaan sa ibang mga pampublikong agensya sa mas malaking bahagi kaysa sa ibang lungsod; (ii) kritikal na hindi napaunlad na imprastruktura; at (iii) kontaminasyong nangangailangan ng malaking pagreremedyo sa ilalim ng mga kasalukuyang pamantayan sa kapaligiran at kalusugan at kaligtasan. Layunin ng Lungsod ng Carson na magdisenyo at magpatupad

ng isang lokal na programa sa loob ng awtoridad sa ilalim ng Tsarter na ito upang maisakatuparan ang mga layunin ng Lungsod sa pagpapaunlad ng ekonomiya.

C. Mga Kapangyarihan sa Pag-unlad ng Ekonomiya. Mahalagang mithiin sa pagpapatibay ng Tsarter na ito ang pagpapahintulot sa Lungsod na ipursigi ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pinakamataas na antas na pinahihintulutan ng Saligang Batas ng California. Para maisagawa ito para sa mga layuning tanggalin ang pagkasira, ang paghikayat sa pribadong pamumuhunan, pagkakaloob ng pampublikong imprastruktura, at pagdudulot ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad ng ekonomiya, ang Lungsod ay magkakaroon ng mga kapangyarihang inisa-isa rito.

- (1) Pagtanggap ng Tulong sa Pananalapi. Ang Lungsod ay maaaring humingi o tumanggap ng pampinansyal o iba pang tulong mula sa mga pampubliko o pribadong mapagkukunan, kabilang ang mga sa pamahalaan ng estado o pederal na pamahalaan, para sa mga aktibidad, kapangyarihan at tungkulin ng Lungsod sa ilalim nito.
- (2) Pagkuha ng Ari-arian. Ang Lungsod at maaaring bumili, umupa, makakuha ng opsyon sa, makakuha sa pamamagita ng regalo, gawad, pamana, kaloob, o sa iba pang paraan, sa tunay o personal na ari-arian anumang interes sa ari-arian, at anumang mga pagpapabuti dito, kabilang ang muling pagbili ng napaunlad na ari-ariang dating pag-aari ng Lungsod.
- (3) Eminent Domain (Karapatan ng Pamahalaan sa Pribadong Ari-arian). Maaaring kunin ng Lungsod ang tunay na ari-arian sa pamamagitan ng eminent domain (karapatan ng pamahalaan sa pribadong ari-arian), at maaaring kunin ang bawat estado, interes, pribilehiyo, easement (karapatang gamitin ang ari-arian para sa espesipikong layunin), prangkisa at mga karapatan sa lupa, kabilang ang mga karapatan sa paggamit ng ari-ariang pag-aari ng iba sa paraan ng pautang sa ari-arian o pagkakautang, o anumang interes na nagmumula sa mga kasunduan o kundisyon. Ang anumang naturang pamamaraan ay isasagawa lamang alinsunod sa Batas ng Karapatan ng Pamahalaan sa Pribadong Ari-arian (Kodigo ng mga Pamamaraang Sibil § 1230.010 et seq.) at lahat ng pamamaraan dito

upang protektahan ang mga karapatan ng may-ari ng ari-arian. Walang ari-ariang kasalukuyang nakasona at ginagamit para sa mga layuning pantahanan ang maaaring makuha sa pamamagitan ng karapatan ng pamahalaan sa pribadong ari-arian para sa mga layuning ipinagkaloob sa Kabanatang ito.

- (4) Pamamahala sa Ari-arian. Ang Lungsod ay maaaring magrenta, magpanatili, mamahala, magpatakbo, magkumpuni at linisin ang tunay na ari-arian at maaaring magseguro o pagkaloob ng para sa pagpapaseguro ng anumang mga pagpapatakbo ng Lungsod laban sa mga panganib at kapahamakan.
- (5) Mga CC&R. Ang Lungsod ay maaaring magkaloob para sa pagpapanatili at mga kontrol at pagtatatag ng anumang mga pagbabawal at kasunduang pinapatakbo sa lupa para sa mga naturang panahon at sa ilalim ng mga naturang kundisyon gaya ng maaaring maging kailangan upang gawing epektibo ang mga layunin dito.
- (6) Kawalan ng Diskriminasyon. Isasama ng Lungsod ang mga sugnay sa kawalan ng diskriminasyon sa lahat ng kasulatan, upa o kontrata para sa pagbebenta, pag-upa, sub-lease o paglipat ng lupa.
- (7) Pag-isyu ng mga Bono. Ang Lungsod ay maaaring mag-isyu ng mga bono nito o iba pang mga instrumento sa pananalaping pinahihintulutan ng batas at gastahin ang mga nalikom mila sa kanilang pagbebenta upang isagawa ang mga layunin nito. Ang mga bono at obligasyong inisyu ng Lungsod ay maaari ring mabili, ipamuhunan sa, o gamitin para sa seguridad.
- (8) Pagpapaunlad ng Lugar. Maaaring linisin o ilipat ng Lungsod ang mga gusali, istruktura o mga pagpapabuti mula sa tunay na ari-arianl maaaring graduhan ang anumang lugar; at maaaring paunlarin bilang isang lugar sa pagpapatayo ang anumang ari-ariang pag-aari nito. Maaari itong pagpagawa o gumawa ng anumang mga probisyon kasama ang ibang mga ahensya para sa paglalagay ng mga kalye, utilidad, parke at iba pang mga pamplikong pagpapabuti.

- (9) Disposisyon ng Ari-arian. Ang Lungsod ay maaaring ibenta, ipaupa, ipagpalit, hatiin, ilipat, italaga, ipangako, kunan ng karapatan o sa ibang paraan ay ayusin ang anumang tunay o personal na ari-arian o anumang interes sa ari-ariang nakuha nito. Maaaring gumamit ang Lungsod ng mga upa sa lupa o pagbebenta ng lupang pag-aari ng publiko, kabilang ang sa mas mababa sa patas na halaga sa merkado gaya ng nakasaad dito, o mga kasunduan sa pagpapaunlad alinsunod sa batas, pagpipinansyang upa-upa at pabalik, pagpipinansya sa imprastruktura, mga kontrata sa pagdidisenyo at pagpapatayo, at/o iba pang malilikhaing mekanismo upang tuparin ang mga layunin dito.
- (10) Pagreremedyo ng Ari-arian. Maaaring imbestigahan at suriin ng Lungsod ang pangkapaligirang kundisyon ng ari-arian, maghanda ng mga plano sa pagreremedyo at kumuha ng pag-apruba para dito mula sa mga panregulatoryong ahensya, at isagawa ang pagreremedyo alinsunod sa mga naturang plano. Maaari ring gamitin ng Lungsod ang anumang awtoridad na ipinagkakaloob sa batas ng estado o pederal na batas upang remedyuhan ang mga ari-arian at upang magsagawa ng mga aksyon laban sa potensyal na mga partidong may pananagutan upang idulot ang pagreremedyo sa ari-arian.
- (11) Paglipat ng Lugar. Ang Lungsod ay maaaring magkaloob ng (i) tulong sa paglipat sa mga taong napilitang umalis sa lugar sa dahil sa aksyon ng pamahalaan, at (ii) tulog at magkaloob ng tulong sa mga may-ari ng ari-arian para sa pagpapanatili ng ari-arian kaugnay ng mga utang at gawad sa rehabilitasyon.
- (12) Pakikipagtulungan. Ang Lungsod ay makikipagtulungan sa ibang mga pampublikong ahensya sa pagbubuo at pangangasiwa ng mga programa ng pagtulong sa pagpapaunlad nito sa ekonomiya. Ang mga komisyon sa pagpapalano at ang mga pambatasang lupon ng Lungsod at ang mga nakikipagtulungang pampublikong ahensya ay maaaring magdaos ng mga pinagsamang pagdinig at pagpupulong tungkol sa mga proyektong tinutulungan sa ilalim nito.

- (13) Mga Espesyal na Distrito. Ang pagpipinansya sa pagpapaunlad ng imprastruktura at mga serbisyo sa pamamagitan ng mga distrito ng serbisyo sa komunidad, mga distrito sa pag-aayos ng lupa at pag-iilaw, mga distrito sa pagtatasa, mga bono sa pagpapabuti ng pasilidad ng paaralan, pagpipinansya sa imprastruktura, at mga katulad na espesyal na mekanismo sa pagpipinansya ng distrito ay pahihintulutan sa buong lawak sa ilalim ng batas ng California.
- (14) Mga Kasunduan sa Buwis at Pagtulong. Ang paggamit ng mga rebate ng buwis, kredito ng buwis, o mga katulad na kasunduang pinahihintulutan ng batas kabilang ang para sa mga buwis sa pagbebenta, mga buwis sa mga nag-ookupa sa hotel, mga buwis sa utilidad o iba pang mga buwis na kabahagi ang nililikuman nito, at mga rebate o waiver sa mga singil sa prangkisa, mga singil sa lisensya ng negosyo, mga singil sa epekto ng pagpapaunlad, o iba pang mga pinagkukunan ng kita, o anumang iba pang pagtustos sa pagpapaunlad ng ekonomiya (kabilang ang mga pagpapababa sa halaga ng lupa), ay maaaring ipagkaloob kung nabigyan ng katwiran dito. Sa kaganapan ng mga naturang kasunduan, maaari lamang maaprubahan ang mga ito pagkatapos ng isang pampublikong pagdinig doon na tumutukoy sa halaga at mga termino ng naturang pagtulong at pangangatwiran para sa naturang pagtulong.
- (15) Kalayaan mula sa Pangangasiwa. Ang pagbabago o pagsuspindi ng pagsosona at iba pang mga pagbabawal sa paggamit ng lupa na nakakaapekto sa posibilidad ng pagpapaunlad, mga bonus sa densidad, pagpapabilis ng pagpoproseso ng mga karapatan, mga kontrata sa pagdidisensyo-pagtatayo, pagpapanatili ng kapaligitan, mga espesyal na sona sa pagpapaunlad, pagtatag ng malinaw at hindi nagbabagong rehimeng panregulatoryo, na lumilikha ng mga pamamaraan para sa pagresolba ng hindi pagkakasundo, malinaw na kahulugan ng saklaw ng pagrerepaso sa kapaligiran at paggamit ng mga proseso sa pagsasaklaw, at iba pang mga katulad na pamamaraan, ay maaaring magamit upang mahikayat ang pagpapaunlad ng ekonomiya.

D. Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya. Sa paggamit ng mga kapangyarihang iginawad alinsunod dito, ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa ay maaaring gamitin ang mga awtoridad sa itaas, o lumikha ng isang mababang awtoridad sa pagpapaunlad ng ekonomiya, at/o bigyan ng kakayan ang Awtoridad sa Pagpapanauli ng Carson upang gawin ito upang bigyan ng insentibo ang pribadong pamumuhunan sa pamamagitan ng paggawad o pagpapautang mga pampublikong pinagkukunang yaman, pagbabawas ng mga paregulatoryong pasanin, gawing pera ang asset, pagbabahagi ng kita o buwis, pagpapaliban o pagpapabilis ng returns, pagpipinansya sa imprastruktura, mga alternatibong istratehiya sa pagkuha, mga pag-aayos para sa konsesyon o pagpapaupa, securitization ng mga obligasyon, o iba pang mga hakbang kung saan ang mga panganib sa pribadong entidad ay maaaring mabawasan sa antas kung saan ang entidad sa pagpapaunlad at ang mga namumuhunan ay makakakuha ng makatwiran sa komersyong kita mula sa pamumuhunan at dahil dito makakausad sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Kung muling itatag ng Estado ng California ang isang programa sa muling pagpapaunlad o lumikha ng mga karagdagang istratehiya sa pagpapaulad ng ekonomiya bilang karagdagan sa mga naririto, ang Lungsod ay awtorisasong gamitin ang mga ito para sa mga layuning naipagkaloob dito. Anumang programa upang isagawa ang nasa itaas ay magtatatag na anumang pampublikong tulong o pagtustos na ipinagkaloob ng Lungsod sa isang proyekto ay may sapat na pampublikong layunin at dapat na kabilangan ng isang komprehensibong ulat na tumutukoy sa katangian ng proyekto, sa pangangailangan ng tulong, sa halaga ng tulong, at mga kapakinabangan ng proyekto sa publiko, sa kita sa proyekto, at sa mga regulasyon at kundisyong namamahala sa proyekto. Ang proyekto ay maaaprubahan lamang pagkatapos ng wastong pag-aabiso ng pampublikong pagdinig at pagsunod sa California Environmental Quality Act (Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California - "CEQA") (Kodigo sa mga Pampublikong Pinagkukunang Yaman § 21000 et seq.). Maaaring pagtibayin ng Lungsod ang isang komprehensibong ordinansang may mga hakbang sa pagsasagawa ng mga unang nabanggit.

SEKSYON 207. Pangkalahatang Awtoridad sa Paggamit ng Lupa.

A. Mga Mithiin at Layunin. Ang Lungsod ng Carson habang nakikinabang sa lokasyon nito at mga oportunidad sa ekonomiya, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 206 ng Tsarter na ito, ay ipinagmamalaki ang pagkakaloob ng mga eksepsiyonal na serbisyo sa mga residente at komunidad ng negosyong pinaglilingkuran nito. Mithiin ng Lungsod na maging isang balanseng komunidad, na nagkakaloob ng mga oportunidad sa trabaho, serbisyong retail, aktibidad na panlibangan, at may kalidad na kapitbahayan, at upang paglingkuran ang mga pangangailangan ng mga naninirahan, nagtatrabaho at naglilibang sa Lungsod. Ang lahat ng pang-industria, pangkomersyo, at residensyal na pagpapaunlad ay isasagawa nang may mataas na antas ng panlipunan at pangkapaligirang kalidad at katarungan. Sa pagtataguyod ng pagkabalanse at pagkamatitirahan, mithiin ng Lungsod na ang mga residente ay makapanirahan, makapagtrabaho, makabili ng mga gamit at serbisyo, makapasok sa paaralan, makapaglibang, at sa ibang paraan matamasa ang sambayanan, natural na kapaligiran at iba pang mga amenidad ng Carson.

B. Mga Kapangyarihan sa Paggamit ng Lupa. Maliban kung sa ibang paraan ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod, ang Lungsod ay magkakaroon ng ganap na kapangyarihan upang isabatas ang mga panukala sa panregulatoryong paggamit ng lupa, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- (1) Paglikha ng isang pangkalahatang plano para sa pangmatagalang paglago at maayos na pagpapaunlad ng Lungsod na naaayon sa mga naunang patakaran.
- (2) Paglikha ng mga ordinansa sa pagsosona na may mga espesipikong regulasyon sa paggamit ng lupa na magsasakatuparan sa mga patakaran ng Lungsod sa paggamit ng lupa.
- (3) Pagsasabatas ng mga espesipikong plano, distrito sa pagkontrol ng overlay o iba pang mga katulad na batas para sa regulasyon at pagpapaunlad ng lupa.

- (4) Pagkakaloob ng mga sapat na mekanismo sa pagpapatupad upang mapahupa ang mga abala sa publiko na nagpapababa sa mga halaga ng kalapit na ari-arian.
- (5) Gumawa ng mga pagpapasya alinsunod sa California Environment Quality Act (Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California) upang maprotektahan ang kalidad ng kapaligiran.
- (6) Aprubahan ang subdibisyon o muling paggawa ng subdibisyon ng ari-arian.
- (7) Pagtatatag ng disenyo sa lugar at proseso ng pagrerepaso para sa mga aplikasyon sa pagpapaunlad upang masiguro ang mataas na kalidad ng pagpapaunlad at pagkaakma ng mga magkatabing paggamit.
- (8) Magtatag ng mga pamamaraan upang maaprubahan ang mga may kondisyong paggamit, pagkakaiba-iba at iba pang karapatan sa paggamit ng lupa.
- (9) Paggawa ng mga regulasyong nakakaunawa sa kasaysayan ng industriya ng Lungsod at pagpapahinlot sa Lungsod na remedyuhan, muling paunlarin, at tugunan ang mga naturang paggamit para sa kapakinabangan ng pampublikong kalusugan at pangkalahatang kapakanan, at upang mapataas ang mga halaga ng ari-arian sa buong Lungsod. Maaaring pagtibayin ay amyendahan ng Lungsod paminsan-minsan ang komprehensibong kodigo nito sa langis at gas na nagkakaloob ng para sa makatwirang regulasyon ng mga pasilidad ng langis at gas, mga pagpapatakbo, pagtanggap ng mga pasilidad ng minahan ng langis at muling pagpapaunlad ng mga lugar ng langis at gas.
- (10) Pagtatag ng mga pamamaraan para sa pagpreserba at pagprotekta ng mga parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar) sa pamamagitan ng mga espesipikong plano, espesyal na pagsosona o mga distrito ng overlay, o iba pang mga regulasyon, bilang isang mahalagang bahagi ng sapi ng Lungsod sa abot-kayang pabahay. Sa pagpapasya ng mga makatwirang hakbang upang mapahupa ang masasamang epekto ng mga pagsasara ng parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar) o pagpapalit sa ibang mga paggamit,

isasaalang-alang ng Lungsod ang mga resulta ng pagsisiyasat sa suporta ng mga residente ng parke para sa pagsasara o pagpapalit. Pagdating sa pagsasara o pagpapalit sa mas hinati-hating pagmamay-ari ng residente, isasaalang-alang din ng Lungsod ang mga resulta ng pagsisiyasat sa suporta ng mga residente ng parke at maaaring hindi aprubahan ang pagsasara o pagpapalit kung ang mga resulta ng pagsisiyasat ay hindi nagpapakita ng suporta sa hindi bababa sa mayorya ng mga may-ari ng tirahan sa parke.

- (11) Pagtatag ng mga pamamaraang naghihikayat sa pagpapaunlad ng mga abot-kayang pabahay na sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad at mapabuti ang mga pamantayan sa kalidad ng pabahay sa pamamagitan ng mga regulasyon sa pagsosona, at pagpapahintulot sa Awtoridad sa Pabahay na bumuo ng iba't ibang mga programa ng pagtulong sa pabahay upang matugunan ang mga isyu sa pagiging abot-kaya ng pabahay kabilang ang pagpreserba sa mga parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar).
- (12) Pagtatag ng mga panukala upang mapahupa ang mga epekto ng pagpapaunlad sa katabing ari-arian at sa Lungsod na sa pangkalahatan ay sa pamamagitan ng mga regulasyon sa paggamit ng lupa, mga iniaatas na kung saan ang tagapagpapaunlad ay magkakaloob ng naaangkop na pagpapabuti sa imprastruktura, pagpataw ng mga singil sa pagpapahupa ng epekto, mga pagtatasa para sa konstruksyon ng mga pagpapabuti sa imprastruktura, at mga katulad na hakbang.
- (13) Pagkondisyon sa pagpapaunlad upang magkaloob para sa pagpapanatili niyo sa isang primera klaseng kondisyon at proteksyon sa pampublikong kaligtasan at kapakanan, at sa pamamagitan ng mga naitalang kasunduan, pagtatasa, at iba pang mga hakbang, ay masigurong ang naturang pagpapaunlad ay sapat na pinapanatili at binabayaran ang patas na bahagi nito sa mga gastos na resulta ng pagpapaunlad. Ang mga naitalang kasunduan ay maaari ring magamit upang

isakatuparan ang mga layunin ng mga Seksyon 208 at 209 at mga katulad na layunin.

- (14) Pagkakaloob ng pangangalaga sa kapaligiran at katarungang panlipunan sa pagpapaunlad, pamamahala, at paggamit ng lupa sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa hindi mga mapaghihiwalay na ugnayan sa pagitan ng mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya at pangkapaligiran, at para sa pagsasama ng mga pamantayan ng pagpapanatili gaya ng maaakses at abot-kayang pabahay, pagkain, mga serbisyo at transportasyon, maaakses at inklusibong mga luntian at pampublikong espasyo, mapapanatiling pagpapaunlad, proteksyon mula sa polusyon at kontaminasyon, at pagpapahupa at pag-akma sa pagbabago ng klima.

SEKSYON 208. Paghupa ng mga Hindi Kumukumpormeng Paggamit.

A. Layunin. Sinasalaysay ng Seksyon 206 ng Tsarter na ito ang ilang masasamang pangyayaring may kinalaman sa pagpapaunlad ng Lungsod na nagresulta sa pagtatag ng mga paggamit sa ilalim ng mga regulasyon sa pagsosona ng County na nagkaroon ng masasamang epekto sa kalusugan at kaligtasan ng mamamayan at sa mga nakapaligid na ari-arian. Ang Section 207 ng Charter na ito ay nagbabalangkas ng mga patakaran sa paggamit ng lupa upang harapin ang pagpapahupa at pangangasiwa sa masasamang epekto ng paggamit ng lupa (13), pagpapanatili ng pagpapaunlad sa mabuting kalagayan (14), pagtugon sa ilang mga paggamit ng industriya (9), at mabisang pagpapahupa ng mga abala (4).

B. Mga Hindi Kumukumpormeng Paggamit. Kung saan ang mga paggamit ay hindi na kumukumporme sa pangkalahatang plano o mga regulasyon sa pagsosona, at kung saan ang mga naturang paggamit ay nagkakaroon ng masamang epekto sa kalusugan, kaligtasan at pangkalahatang kapakanan, o may negatibong epekto sa mga paggamit sa katabing lupa, ang Lungsod sa pamamagitan ng pagpapatibay ng naaangkop na pangkalahatang plano at mga regulasyon sa pagsosona, ay maaaring gawing hindi

kumukumporme ang mga naturang paggamit, at sa pamamagitan ng ordinansa ay maaaring magtakda para sa pagpapahupa ng mga naturang paggamit, katulad na paraan gaya ng para sa prangkisa sa ilalim ng Section 1002 ng Tsarter na ito, nang may mga tuntunin sa pagpapahupa at mga oportunidad para sa mga pagdinig, pagkuha ng ebidensya, at mga ekstensyong batay sa pagbawi ng isang makatwirang balik sa pamumuhunan.

SEKSYON 209. Regulasyon sa Cannabis; Pagbabawal sa Nagtitinging Dispensaryo

Maaaring ipagbawal at pangasiwaan ng Lungsod ng Carson ang mga aktibidad sa cannabis sa paraang kailangan upang maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko. Ang anumang panlabas na pag-aalaga ng personal na cannabis ay ipinagbabawal, maliban kung pinahintulutan ng ordinansa ng Lungsod. Ang anumang mga pagpapatakbo ng pangkomersyong cannabis na kinapapalooban ng tingting pagbebenta ng cannabis (mga dispensaryo) ay ipinagbabawal. Maaaring awtorisahan ng Lungsod ang hanggang apat (4) na mga sentro ng pagpapatakbo ng pangkomersyong cannabis, na maaaring buuin ng bawat uri ng mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas ng estado, maliban sa mga dispensaryo ng cannabis. Ang anumang pagbabago sa uri ng mga inawtorisahang aktibidad ng pag-aalaga, pagmamanupaktura, pagsubok, o pamamahagi ng pangkomersyong cannabis, o tagapamahagi at/o anumang pagtataas sa bilang ng mga inawtorisahang sentro mula sa kasalukuyang pinahihintulutan sa Lungsod sa epektibong petsa ng Tsarter na ito, ay maaari lamang mapagtibay ng isang mayoryang boto ng mga botante sa pangkalahatang eleksyong munisipal.

ARTIKULO III – KONSEHO NG LUNGSOD

SEKSYON 300. Mga Kapangyarihang Ipinagkaloob sa Konseho ng Lungsod.

Ang lahat ng kapangyarihan ng Lungsod ay ipagkakaloob sa konseho ng lungsod maliban kung sa ibang paraan ay nakatakda sa Tsarter na ito. Ang anumang awtoridad na hindi itinalaga ng Tsarter na ito o mga ordinansa ng Lungsod ay pinananatili ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 301. Mga Ibinobotong Opisyal; Kabayaran.

Ang mga ibinobotong opisyal ng Lungsod ay bubuuin ng apat na miyembro ng konseho ng lungsod, isang direktang ibinotong alkalde, isang klerk ng lungsod, at isang ingat-yaman ng lungsod. Ang mga miyembro ng konseho ng lungsod at ang alkalde ay iboboto ng mga botanteng mula sa Lungsod sa kabuuan sa panajo at paraang nakatakda sa Tsarter na ito. Sa kaganapang ang populasyon ng Lungsod ay lumampas ng isang daang libong (100,000) residente, sa pamamagitan ng resolusyon, maaaring dagdagan ng Lungsod ang mga ibinobotong opisyal ng Lungsod sa anim na miyembro ng konseho ng lungsod, isang direktang ibinotong alkalde, isang klerk ng lungsod, at isang ingat-yaman ng lungsod.

Ang lahat ng ibinobotong opisyal ay manunungkulan ng isang apat na taong katungkulan at hanggang sa ang kanilang mga kahalili ay naiboto at naging kwalipikado. Ang mga elektibong opisyal na nanunungkulan sa panahong magkakabisa ang Tsarter na ito ay magpapatuloy sa panunungkulan hanggang sa pagwawakas ng kanilang mga kasalukuyang panahon ng panunungkulan at ang mga susunod na katungkulan ay sa parehong paraan magiging apat (4) na taon. Ang termino ng bawat ibinobotong opisyal ay magsisimula sa hindi lalampas ng limang araw mula sa sertipikasyon ng mga resulta ng eleksyon ng konseho ng lungsod. Ang mga parehong resulta sa pagboto sa mga kandidato para sa opisyal ay reresolbahin sa pamamagitan ng palabunutan.

Ang mga ibinobotong opisyal at empleyado ay magkakaroon ng parehong mga karapatan sa kabayaran gaya ng tinukoy sa ilalim lamang ng batas ng Estado ng California.

SEKSYON 302. Alkalde; Pansamantalang Alkalde.

A. Alkalde. Ang alkalde at manunungkulan bilang isang miyembro ng konseho ng lungsod para sa lahat ng layunin at magkakaroon lamang ng mga karapatan, kapangyarihan at tungkulin ng isang miyembro ng konseho ng konseho ng lungsod, maliban kung sa ibang paraan ay nakatakda sa Tsarter na ito o sa pamamagitan ng ordinansa. Maliban kung malinaw na nakatakda sa ibang paraan, ang anumang probisyon sa Tsarter na ito na may kaugnayan sa konseho ng lungsod o sa mga miyembro ng konseho ng lungsod ay mauunawaang isasama ang alkalde bilang miyembro ng konseho ng lungsod.

B. Mga Kapangyarihan. ANG alkalde ay magiging pinuno ng Lungsod para sa lahat ng panseremonyang layunin. Ang alkalde ay magiging namamahalang opisyal sa panahon ng mga pagpupulong na may kapangyaring pagpasyahan ang kaayusan ng pamamaraan, at manunungkulan bilang pangunahin, ngunit hindi eksklusibong, tagapagsalita ng Lungsod. Sisiguraduhin ng alkalde na ang mga pagpupulong ng konseho ng lungsod ay idinaraos sa isang maayos at patas na paraan alinsunod sa batas at na nakadepende sa abogado ng lungsod bilang parlamentaryo. Lalagdaan ng alkalde ang mga nakasulat na kontrata at ginagawa o pinapasukan ng Lungsod ang mga ipinaparating. Ang alkalde ay hindi magkakaroon ng mga espesyal na karapatan sa pagboto o kapangyarihang magbeto sa anumang mga aksyon ng konseho ng lungsod. Gagampanan ng alkalde ang mga naturang tungkuling naaayon sa kanilang katungkulan gaya ng iniaatas ng Tsarter na ito, o gaya ng napagpasyahan ng konseho ng lungsod at naaayon dito.

C. Pansamantalang Alkalde. Gagampanan ng pansamantalang alkalde ang mga tungkulin ng alkalde sa anumang panahon ng pagliban o kawalan ng kakayahan ng

alkalde. Ang pansamantalang alkalde ay pipiliin kada dalawang taon sa buwan ng Enero ng isang mayoryang boto ng mga miyembro ng konseho ng lungsod, at magsisilbi ng termino ng dalawang (2) taon hanggang sa mapili ang kanyang kahalili. Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ay maaaring magtatag ng isang umiikot na sistema para sa naturang katungkulan sa mga miyembro ng konseho.

SEKSYON 303. Pagiging Karapat-dapat.

Walang sinuman ang magiging karapat-dapat na humawag ng isang ibinobotong katungkulan maliban kung siya ay, sa panahon ng pagpapalabas ng mga papel sa paghirang para sa ibinobotong katungkulan, isang kwalipikadong manghahalal ng Lungsod, o ng teritoryong ligal na nakadugtong dito, at naninirahan na sa Lungsod para sa hindi bababa sa tatlung (30) araw agad bago ang panahon ng nominasyon.

SEKSYON 304. Kompensasyon at mga Gastusin.

Ang lahat ng miyembro ng konseho ng lungsod ay tatanggap ng kabuuang kompensasyon para sa kanilang mga serbisyo ng isang buwang sweldo na itatakda sa “Mabababang Limit ng Kita” para sa pamilya ng apat (4) gaya ng nakalagay sa Kagawaran sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran para sa lugar kabilang ang County ng Los Angeles para sa taong 2018. Ang Lungsod ay hindi magkakaloob ng anumang karagdagang kompensasyon sa mga miyembro ng konseho ng lungsod para sa pagdalo sa iba pang mga pagpupulong ng Lungsod o mga komisyon, komite, subkomite, at mga lupon ng mga direktor, na may kaugnayan sa Lungsod, maliban sa patuloy na pag-iral ng kaibhan ng konseho/alkalde. Ang anumang pag-aayos sa mga sweldo sa hinaharap ng mga miyembro ng konseho ay magiging alinsunod sa, at limitado ng, mga probisyon ng batas gaya ng nakalagay sa Seksyon 36516 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang kahaliling probisyon dito.

Ang lahat ng miyembro ng konseho ng lungsod, kabilang ang alkalde, ay magpapatuloy na magkaroon ng karapatan sa pagsasauli ng naibayad sa kanilang aktuwal at kinakailangang gastusing naipon sa pagganap ng kanilang mga opisyal na tungkulin gaya ng nakasaad sa, at limitado ng, mga probisyon ng batas na naaangkop sa pagsasauli ng naibayad para sa mga gastusin ng mga miyembro ng konseho ng lungsod sa mga lungsod na may pangkalahatang batas gaya ng nakalagay sa mga Seksyon 36514.5, 53232.2 at 53232.3 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang kahaliling probisyon dito. Ang tagamahala ng lungsod ay magiging responsable sa pagkolekta ng anumang mga resibo mula sa mga miyembro ng konseho ng lungsod para sa mga ginastos na maisasauli sa loob ng animnapung araw, at magsusumite kada tatlong buwan ng mga ulat sa konseho ng lungsod tungkol sa mga nasabing gastusin.

SEKSYON 305. Limitasyon sa mga Termino.

Walang sinuman ang maaaring manungkulan nang mahigit sa tatlong apat na taong termino ng katungkulan bilang isang miyembro ng konseho ng lungsod (pinakamatagal na 12 taon). Ang hindi buong termino ay ituturing na isang buong termino maliban kung ang panahon ay mas mababa sa dalawang buong taon, na kung saan ang panahon ay hindi ituturing na isang termino.

SEKSYON 306. Mga Pagkabakante.

A. Pagkabakante. Kung ang isang miyembro ng konseho ng lungsod (i) ay lumiban sa lahat ng regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod para sa panahon ng animnapung (60) magkakasunud-sunod na araw mula at pagkatapos ng huling regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod na dinaluhan ng naturang miyembro, maliban kung ang naturang pagliban ay sa pamamagitan ng permiso o pahintulot ng konseho ng lungsod na ipinahayag sa opisyal na napag-usapan nito sa pagpupulong; (ii) ay tumigil sa pagiging manghahalal ng Lungsod; o (iii) ay nahatulan ng anumang peloni o kriminal na pagkakasalang may kinalaman sa paglabag sa kanyang mga opisyal na tungkulin, o

(iv) ay pormal na tumiwalag sa paraang nakasulat; ang katungkulan ay magiging bakante. Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng resolusyon ay idedeklara ang pag-iral ng anumang naturang pagkabakante, at ang katungkulan ay ituturing na bakante mula sa petsa ng naturang deklarasyon.

B. Pag-file ng Pagkabakante. Ang pagkabakante sa konseho ng lungsod, mula sa anumang dahilan, ay maaaring punan sa pamamagitan ng paghirang ng mayorya ng mga natitirang miyembro ng konseho ng lungsod, o sa pamamagitan ng pagpapatawag ng isang espesyal na eleksyon kung walang nagawang paghirang sa loob ng animnapung (60) araw simula ng pagkabakante. Walang sinuman ang maaaring maging karapat-dapat na punan ang pagkabakante maliban kung, sa parehong panahon ng paghirang, sila ay kwalipikadong manghahalal ng Lungsod, naninirahan sa Lungsod nang hindi bababa sa animnapung (60) araw agad bago ang kanyang paghirang, at hindi naabot ang limit sa termino para sa mga miyembro ng konseho ng lungsod alinsunod sa Seksyon 305 ng Tsarter na ito bago ang, o sa panahon ng, kanilang paghirang upang punan ang pagkabakante. Ang sinumang taong hinirang o ibinoto upang punan ang pagkabakante sa konseho ng lungsod ay manunungkulan sa natitirang hindi pa tapos na termino ng panunungkulan. Sa kaganapan mabigo ito sa pagpunan ng pagkabakante sa pamamagitan ng paghirang sa loob ng animnapung (60) araw pagkatapos maging bakante ang naturang katungkulan, ang konseho ng lungsod ay magpapadaos ng eleksyon upang punan ang naturang pagkabakanteng gaganapin sa susunod na eleksyon ng estado, ngunit hindi bababa sa 114 araw mila sa pagtawag ng espesyal na eleksyon. Ang mga oras at pamamaraan para sa pagtawag ng anumang espesyal na eleksyon upang punan ang pagkabakante sa konseho ng lungsod ay maaaring maitatag sa pamamagitan ng ordinansa ng Lungsod na naaayon sa batas ng Estado.

C. Mga Ibinobotong Opisyal. Ang mga pagkabakante sa ibang mga ibinobotong katungkulan ng Lungsod ay dapat na mapagpasyahan at mapunan sa parehong paraan gaya ng nakatakda dito para sa mga miyembro ng konseho ng lungsod.

D. Pansamantalang Paghirang. Kung ang konseho ng lungsod ay magpapatawag ng isang espesyal na eleksyon upang punan ang pagkabakante, ang konseho ng lungsod ay maaaring gumawa ng isang pansamantalang paghirang upang punan ang pagkabakante hanggang sa petsa ng espesyal na eleksyon. Ang mga taong karapat-dapat para sa paghirang ay tutugon sa pamantayan ng subseksyon (B) sa itaas.

SEKSYON 307. Pakikialam sa Serbisyong Pampangasiwaan.

Maliban kung sa ibang paraan ay nakatakda sa Tsarter na ito, ang konseho ng lungsod o ang sinuman sa mga miyembro nito ay hindi makikialam sa pagpapatupad ng tagapamahala ng lungsod ng kanyang mga kapangyarihan at mga tungkulin, o utos, nang direkta o hindi direkta, sa paghirang ng tagapamahala ng lungsod o sa pamamagitan ng sinuman sa mga pinuno ng kagawaran sa serbisyong pampangasiwaan ng Lungsod, o sinumang tao sa isang katungkulan o trabaho, o kanyang pagtanggap mula dito. Maliban kung para sa layunin ng pagtatanong, ang konseho ng lungsod at ang mga miyembro nito ay haharapin lamang ang serbisyong pampangasiwaang sumasailalim sa tagapamahala ng lungsod sa pamamagitan ng tagapamahala ng lungsod, at ang konseho ng lungsod o sinumang miyembro nito ay hindi magbibigay ng utos sa sinumang nasa mababang katungkulan ng tagapamahala ng lungsod, sa publiko man o pribado, nang direkta man o hindi.

SEKSYON 308. Mga Pagpupulong.

A. Pagsunod sa Batas ng Estado. Maliban kung sa ibang paraan ay nakatakda sa Tsarter na ito, ang lahat ng pagpupulong ng konseho ng lungsod ay ipapatawag o idaraos alinsunod sa batas ng estado, gaya ng tinukoy sa mga Seksyon 54950 et seq. ng Kodigo ng Pamahalaan (“Batas ng Ralph M. Brown”).

B. Mga Regular na Pagpupulong. Maliban kung sa ibang paraan ay ipinagkakaloob ng ordinansa, o resolusyon ng konseho ng lungsod, ang konseho ng lungsod ay

magdaraos ng mga regular na pagpupulong dalawang beses kada buwan, maliban kung sa ibang paraan ay pinagpasyahan ng konseho ng lungsod. Ang mga pagpupulong ng konseho ng lungsod ay idaraos sa mga naturang oras gaya ng pagayos nito sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon at ang konseho ng lungsod ay maaaring ipagpaliban o muling ipagpaliban ang anumang regular na pagpupulong sa partikular na petsa at oras na tutukuyin sa utos ng pagpapaliban, at kapag naipagpaliban ito, ang bawat ipinagpalibang pagpupulong ay magiging regular na pagpupulong para sa lahat ng layunin. Kung ang oras kung kailan ang pagpupulong ay ipinagpaliban ay hindi isinaad sa utos ng pagpapaliban, ang naturang pagpupulong ay idaraos sa oras para sa pagdaraos ng regular na pagpupulong. Kung sa anumang oras ang anumang regular na pagpupulong ay pumatak sa araw ng kapistahan o eleksiyong munisipal, ang naturang regular na pagpupulong ay idaraos sa susunod na araw ng tanggapan maliban kung sa ibang paraan ay tinukoy ng konseho ng lungsod.

C. Paunawa at Pagpapaskil ng Adyenda. Ang paunawa at adyenda ay ipapaskil nang hindi bababa sa pitumpu't dalawang (72) oras bago ang regular na pagpupulong sa hindi bababa sa tatlong (3) lokasyon na itinalaga ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod (ang "mga Itinalagang Lokasyon"), ang bawat isa ay malayang maaakses ng publiko ng dalawampu't apat (24) na oras kada araw sa panahon ng pitumpu't dalawang (72) oras bago ang pagpupulong, at kung saan ang paunawa ay adyenda ay hindi maaaring alisin o palabuin ng ibang materyal na nakapaskil. Partikular na, ang paunawa ay adyenda ay ipapaskil din sa Bulwagang Panlungsod at sa opisyal na website ng Lungsod. Maaari ring gamitin ng klerk ng lungsod ang mga karagdagang teknolohikal na pamamaraan upang ikalat ang impormasyon sa publiko.

D. Lugar ng mga Pagpupulong. Maliban kong sa ibang paraan ay nakatakda sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod, ang lahat ng pagpupulong ay idaraos sa mga kamara ng konseho sapagkat ang lugar na iyon ay itinalaga sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod, o sa naturang lugar kung saan ang anumang naturang pagpupulong ay maaaring ipagliban, at, maliban kung para sa anumang mga saradong sesyong pinahihintulutan sa ilalim ng batas ng estado, ay magiging bukas sa publiko. Kung sa dahilan ng sunod, baha o iba

pang emerhensya, hindi magiging ligtas na magpulong sa lugar na itinalaga, ang mga pagpulong ay maaaring idaos para sa itatagal ng emerhensya sa naturang lugar na itinalaga ng alkalde, o, kung ang alkalde ay nabigong kumilos, ng tatlong (3) miyembro ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 309. Mga Espesyal na Pagpulong.

Ang mga espesyal na pagpulong ay maaaring ipatawag sa anumang oras sa paraang nakasulat ng alkalde, o ng mayorya ng mga miyembro ng konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng paghahatid ng nakasulat na paunawa sa bawat miyembro ng konseho at lokal na media, alinsunod sa Seksyon 54956(a) ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang paunawa para sa isang espesyal na pagpulong ay dapat na tukuyin ang (mga) paksang isasaalang-alang sa bukas at/o saradong sesyon, at ang mga bagay lamang na tinukoy sa paunawa ang maaaring talakayin sa mga espesyal na pagpulong, alinsunod sa mga Seksyon 54954.5 at 54956(b) ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang paunawa para sa isang espesyal na pagpulong ay hayagang ipapaskil nang hindi bababa sa dalawangpu't apat na oras bago ang espesyal na pagpulong sa mga Itinalagang Lokasyon at sa paraang para sa pagpapaskil ng mga regular na adyendang nakalagay sa Seksyon 308 ng Tsarter na ito.

SEKSYON 310. Korum; Mga Pamamaraan.

Ang mayorya ng konseho ng lungsod ay dapat buuin ng korum upang maisagawa ang kalakaran, ngunit ang mas kaunting bilang tapusin paminsan-minsan kung saan ang korum ang hindi umiiral. Sa kaganapang wala sa mga miyembro ng konseho ng lungsod ang dumalo sa anumang regular na pagpulong o tinapos na regular na pagpulong, ang klerk ng lungsod ay maaaring magdeklara na ang pagpulong ay ipinagpaliban sa nakasaad na araw, oras, o lugar. Ang paunawa ng pagpulong na ipinagliban ng hindi bababa sa korum o ng klerk ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng paghahatid ng nakasulat na paunawa sa bawat miyembro ng konseho at sa lokal na

media o ipinagpaliban alinsunod sa Seksyon 54955 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang paunawa ng isang ipinagpalibang pagpupulong ay hindi kinakailangang tukuyin ang mga bagay na isasagawa.

SEKSYON 311. Mga Panunumpa; Mga Subpoena.

Ang bawat miyembro ng konseho ng lungsod, o ang konseho ng lungsod, o tagapangulo ng anumang lupon ng Lungsod o komisyon ay magkakaroon ng kapangyarihang pangasiwaan ang mga panunumpa at pagpapatunay sa anumang imbestigasyon o paglilitis na nakabinbin sa harap ng konseho ng lungsod o lupon o komisyon ng Lungsod. Ang konseho ng lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihan ay awtoridad upang ipilit ang pagdalo ng mga saksi, upang suriin sila sa ilalim ng panunumpa upang ipilit ang paglikha ng ebidensya sa harap nito. Ang mga subpoena, kapag inawtorisahan sa pamamagitan ng resolusyon ng konseho ng lungsod, ay maaaring maisyu ng alkalde sa ngalan ng Lungsod at papatunayan ng klerk ng lungsod. Ang pagsuway sa mga naturang subpoena, o ang pagtangging magpatotoo bukod sa mga dahilang naaayon sa Saligang Batas o mga ligal na pribilehiyo, ay ituturing na maliit na kasalanan.

SEKSYON 312. Paglahok ng Mamamayan.

Ang konseho ng lungsod at ang lahat ng lupon nito at mga komisyon ay magpapatakbo nang may kalinawan at sa paraang nagtataguyod ng paglahok ng mamamayan. Walang tao ang dapat na matanggihan ng karapatan, nang personal o sa pamamagitan ng abogado tagapayo, upang tumugon sa konseho ng lungsod sa anumang regular na pagpupulong, ipinagpalibang regular na pagpupulong o espesyal na pagpupulong tungkol sa anumang aytem sa loob ng hurisdiksyon niyo sa paksa at kung ang naturang item ay nasa adyenda, bago maisaalang-alang ang naturang aytem ng konseho ng lungsod. Ang konseho ng lungsod ay maaaring, sa pamamagitan ng ordinansa o resolution, magtatag ng mga limitasyon sa oras para sa pagsasalita at mag-atas ng ibang mga makatwirang regulasyon sa paggamit ng naturang karapatan upang

preserbahin ang maayos na kalikasan ng mga pamamaraan nito. Maaaring baguhin ng namumunong opisyal ang mga patakaran sa pamamaraan sa isang hindi nagdidiskriminang pamamaraan kung saan ang malalaking tagapanood ay dumadalo, at maaaring gawing kailangan ang pag-aayos upang maiwasan ang magulong pamamaraan kapag nagagambala ang pagpupulong. Ang lahat ng lupon at komisyon ng Lungsod ay magdaraos ng kanilang mga pagpupulong sa katulad na paraang naaayon sa mga pamamaraan ng konseho ng lungsod o sa kanilang sariling mga pamamaraang itinatag sa pamamagitan ng resolusyon hangga't ang mga naturang pamamaraan ay naaayon sa mga patakaran ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 313. Pagpapatibay ng mga Ordinansa at Resolusyon.

A. Mga Ordinansa. Sa natatanging eksepsyon ng mga ordinansang nagiging epektibo sa pagpapatibay gaya ng inilalarawan sa ibaba, ang lahat ng ordinansa ay una munang ipapakilala ng konseho ng lungsod, at magkakaroon ng pangalawang pagbabasa nang hindi magtatagal ng limang (5) araw pagkatapos ng petsa ng kanilang pagpapakilala o bago ang kanilang pagpapatibay. Ang lahat ng ordinansa ay ipapakilala, tatalakayin, at ipapasa sa regular o ipinagpalibang regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod. Sa panahon ng pagpapakilala nito, isang ordinansa ang magiging bahagi ng mga pamamaraan ng naturang pagpupulong, at isang kopya ng ipinakilalang ordinansa ang itatago sa pangangalaga ng klerk ng lungsod at isasama sa kodigo ng mga ordinansa. Ang iminumungkahing ordinansa ay babasahin ayon sa titulo lamang maliban kung isang miyembro ng konseho ang hindi sumang-ayong mababasa ang ordinansa sa pamamagitan ng titulo lamang at humiling ng ganap na pagbabasa.

B. Pagbabago at Pagwawasto. Sa kaganapang ang anumang ordinansa ay binago pagkatapos ng pagpapakilala nito, ang pareho ay hindi pagtitibayin sa wakas maliban pagkatapos ng pangalawang pagbabasa sa isang regular o ipinagpalobang regular na pagpupulong na idinaos nang hindi bababa sa limang (5) araw pagkatapos ng petsa kung kailan ang ordinansa ay binago. Ang pagwawasto ng mga maling tipograpiko o sa

dokumento ay hindi bubuuin ng paggawa ng pagbabago sa loob ng kahulugan ng naunang pangungusap.

C. Pagbabayad ng Pera. Ang mga warrant o kautusan para sa pagbabayad ng pera ay aaprubahan sa pamamagitan ng resolusyong pinagtibay sa anumang regular, ipinagpalibang regular, o espesyal na pagpupulong.

D. Kailangang Mayorya. Maliban kung iniaatas ang mas maraming boto ng ibang mga probisyon ng Tsarter na ito, o ng mga batas ng Estado ng California, isang botong sumasang-ayon ng mayorya ng korum ang iaatas para sa pagsasabatas ng anumang ordinansa, resolusyon, o paggawa o pag-apruba ng anumang warrant o kautusan para sa pagbabayad ng pera, o para sa pagsok sa anumang kontrata kung saan ang halagang babayaran by Lungsod ay lumalampas ng dalawampu't limang (\$25,000) (Seksyon ng Tsarter 403(7)), ngunit ang limit na \$25,000 ay maaaring itaas ng ordinansa sa kundisyong ang naturang ordinansa ay ipinasa ng dalawang-katlong botong sumasang-ayon ng konseho ng lungsod sa regular o ipinagpalibang regular na pagpupulong.

E. Pagpapatupad. Ang lahat ng ordinansa at resolusyon ay lalagdaan ng alkalde o sa pagkawala ng alkalde, ng pansamantalang alkalde, at pinatutunayan ng klerk ng lungsod.

F. Agarang Pagpapatibay. Ang anumang ordinansang idineklara ng konseho ng lungsod bilang agarang panukalang kailangan para sa agarang preserbasyon ng pampublikong kapayapaan, kalusugan o kaligtasan, at naglalaman ng pahayag ng mga dahilan ng pagiging agaran nito, ay maaaring ipakilala at pagtibayin sa isa at parehong pagpupulong kung ipapasa ng dalawang-katlong sumasang-ayong boto ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 314. Mga Ordinansa; Mga Paglalathala.

Ipapalathala ng klerk ng lungsod ang bawat ordinansa o buod ng bawat ordinansa nang hindi bababa sa isang beses sa isang lokal na pahayagan o pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon sa Lungsod, at ipapapaskil sa opisyal na website ng Lungsod sa loob ng labinlimang araw pagkatapos ng pagpapatibay nito. Kung walang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon sa Lungsod, ipapapaskil ito ng klerk sa paraang nakatakda sa Seksyon 308 ng tsarter na ito, o ipapalathala sa isang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon, ipapalimbag o ipapalathala sa County at ipapakalat sa Lungsod. Maaari ring gamitin ng klerk ng lungsod ang mga karagdagang teknolohikal na pamamaraang mayroon upang ikalat ang impormasyon sa publiko.

SEKSYON 315. Pagsasakodigo ng mga Ordinansa.

A. Pagsasakodigo. Ang lahat ng ordinansa ng Lungsod na isinabatas at inilathala sa paraang iniaatas sa panahon ng pagpapatibay ng mga ito, at na hindi naipawalang-saysay, ay pagsasama-samahin, pag-iisahin, rerebisahin, ilalagay sa indise at aayusin bilang isang komprehensibong kodigo ng ordinansa, at ang naturang kodigo ay maaaring pagtibayin bilang sangguniang, may parehong epekto gaya ng isang ordinansa, sa pamamagitan ng pagpapasa ng isang ordinansa para sa naturang layunin. Ang naturang kodigo ay hindi kinakailangang ilathala sa paraang iniaatas para sa ibang mga ordinansa, ngunit hindi bababa sa tatlong kopya ang ipa-file para sa paggamit at pagsusuri ng publiko sa tanggapan ng klerk ng lungsod bago ang pagpapatibay nito. Ang naturang kodigo ay maaaring maglaman ng mga probisyon ng pangkalahatang aplikasyon sa lahat ng iba pang mga ordinansa kabilang ang mga kahulugan, patakaran sa ligal na konstruksyon, multa at parusa at mga katulad na probisyon ng pangkalahatang aplikasyon na iaangkop sa lahat ng iba pang mga ordinansa ng Lungsod maliban kung sa ibang paraan ay partikular na itinatakda. Ang mga pag-aamyenda sa kodigo ay isasabatas sa parehong paraan gaya ng sa mga ordinansa.

B. Pagpapatibay ng mga Kodigo ayon sa Sanggunian. Ang mga detalyadong regulasyong nagpapatungkol sa konstruksyon ng mga gusali, linya ng tubig at kable, mga mekanikal na aparato, pagpapahupa ng mga mapanganib na gusali, o mga katulad na bagay na binubuo ng bahagi ng isang anyo ng kodigong pinagpapatibay ng County ng Los Angeles, o sa pangkahalatan ay pinagpapatibay sa batayang pambuong-estado o pambuong-rehiyon, kapag isinaayos bilang isang komprehensibong kodigo, ay maaaring sa parehong paraan ay mapagtibay sa pamamagitan ng sanggunian sa buong saklaw na pinahihintulutan ng mga pangkalahatang batas ng Estado ng California, at alinsunod sa mga pamamaraang itinatag dito. Ang mga mapa, tsart at dayagram ay maaari ring mapagtibay ayon sa sanggunian sa parehong paraan.

SEKSYON 316. Mga Ordinansa. Kailan Epektibo.

Walang ordinansa ang magiging epektibo hanggang tatlumpung araw mula at pagkatapos ng petsa ng pagpapatibay nito, maliban sa mga sumusunod, na agad na magiging epektibo sa pagpapatibay:

- (1) Isang ordinansang nagpapatawag o sa ibang paraan ay may kaugnayan sa isang eleksyon.
- (2) Isang ordinansa ng distrito sa pagtatasa na pinagtibay sa ilalim ng espesyal na batas o ordinansang pampamamaraang may kaugnayan dito.
- (3) Isang ordinansang nagdedeklara ng halaga ng perang kailangang malikom sa pamamagitan ng pagbubuwis, o pag-aayos ng antas ng pagbubuwis, o pagpapataw ng buwis sa ari-arian.
- (4) Isang ordinansang nangangailangan ng mabilisang aksyong pinagtibay sa paraang nakatakda sa Seksyon 313F ng Tsarter na ito.
- (5) Anumang iba pang naturang ordinansang inawtorisahan ng batas ng Estado.

SEKSYON 317. Mga Ordinansa; Paglabag; Parusa.

Maaaring italaga ng konseho ng lungsod ang paglabag sa anumang ordinansa ng Lungsod upang maging isang maliit na kasalanan o isang pagsuway. Maliban kung partikular na itinalaga bilang isang pagsuway, ang isang paglabag sa anumang ordinansa ng Lungsod ay magiging isang maliit na kasalanan at maaaring mausig sa ngalan ng mga mamamayan ng Estado ng California o maaaring malutas sa pamamagitan ng aksyong sibil. Ang pinakamalaking multa o parusa para sa anumang paglabag sa ordinance sa Lungsod, maliit na kasalanan man o pagsuway, ay magiging gaya ng itinatag ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod. Ang konseho ng lungsod ay maaaring mag-isyu ng mga subpoena sa ilalim ng Seksyon 311 ng Tsarter na ito at mag-ulat ng hindi pagsunod dito sa hukom ng hukumang superyor ng county, upang maipatupad ang anumang lokal na batas o ordinansa.

SEKSYON 318. Paglalathala ng mga Paunawang Pambatas.

Ipapalathala ng klerk ng lungsod ang lahat ng paunawang pambatas sa isang lokal o pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon sa loob ng Lungsod gaya ng nakatakda sa Seksyon 314 ng Tsarter na ito, o ipapapaskil sa mga Itinalagang Lugar at sa opisyal na website ng Lungsod gaya ng itinalaga sa Seksyon 308 ng Tsarter na ito. Maaari ring gamitin ng klerk ng lungsod ang ibang mga karagdagang teknolohikal na pamamaraang mayroon para sa pagpapakalat ng impormasyon sa publiko.

Walang depekto o iregularidad sa mga pamamaraang nakuha sa ilalim ng seksyong ito, o kabiguang magtalaga ng isang opisyal na pahayagan, ang magpapawalang-bisa sa anumang paglalathala kung saan ang pareho ay sa ibang paraan, kumukumporme sa Tsarter na ito, o ordinansa o ibang batas.

SEKSYON 319. Mga Kontrata; Ari-arian.

- A. Mga Kontrata at Paraan ng Pagpapatupad. Ang Lungsod ay hindi nakatali sa anumang kontrara maliban kung pagkatapos nito ay nakatakda, maliban kung ito ay nakasulat, inaprubahan ng konseho ng lungsod at nilagdaan sa ngalan ng Lungsod ng alkalde o ng naturang ibang empleyado gaya ng maitatalaga ng konseho ng lungsod, klerk ng lungsod, at abogado ng lungsod. Ang sinuman sa mga nasabing opisyal ay lalagda sa kontrata sa ngalan ng Lungsod kapag inatasang gawin ito ng ordinansa, resolusyon, o iba pang pag-uutos ng konseho ng lungsod.
- B. Ang Tagapamahala ng Lungsod na Awtoridad sa Kontrata. Sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon maaaring awtorisahan ng konseho ng lungsod ang tagapamahala ng lungsod na itali ang Lungsod sa isang nakasulat na kontrata, kabilang ang sa pamamagitan ng purchase order, para sa pagkuha ng kagamitan, mga materyales, mga suplay, trabaho, mga serbisyo o iba pang mga item kabilang ang nasa loob ng badyet na inaprubahan ng konseho ng lungsod, at magpapataw sa pamamagitan ng ordinansa ng limit sa halaga ng pera sa awtoridad gaya ng inawtorisahan ng Tsarter na ito.
- C. Sobrang Personal na Ari-arian. Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinanda o resolusyon ay magkakaloob ng pamamaraan para sa pagbebenta o pakikipagpalitan ng personal na ari-ariang hindi kailangan sa serbisyo ng Lungsod o hindi umaakma para sa layunin, at para sa pagpaparating ng pamagat dito.
- D. Pagbebenta ng Real Property. Walang real property ng Lungsod ang ibebenta, ililipat o ipaparating nang walang pagtuklas ng komisyon sa pagpapalano at konseho ng lungsod pagdating sa pagkanaaayon ng pagbebenta sa pangkalahatang plano. Dagdag dito, ang real property na may halaga ng mahigit sa dalawang milyon at limang daang libong dolyar (\$2,500,000), ay hindimaaaring ibenta, ilipat maliban kung inaprubahan ng ordinansa o resolusyong ipinasa ng dalawang-katlong sumasang-ayong boto ng konseho ng lungsod.

E. Pagkuha ng Real Property. Ang anumang real property na naibenta, inilaan, o inilipat ng Lungsod ay dapat na tanggapin sa pamamagitan ng resolusyon ng konseho ng lungsod.

F. Parke at Bukas na Espasyo. Ang Lungsod ay ganap na awtorisado upang kunin, ilaan at preserbahin ang real property para sa lupang ilalaan para sa parke o bukas na espasyo, kabilang ang mga sobrang lugar ng paaralan. Maaaring maging kabilang sa lupang ilalaan para sa parke ang mga aktibo at hindi aktibong layunin, at maaaring kabilangan ng mga aktibidad na panlibangan gaya ng mga ball field at court, gym, palanguyan, oditoryum, parke para sa aso, at mga katulad na pasilidad. Ang Lungsod ay awtorisado ring pasukin ang mga lisensya, upa o mga kasunduan sa magkasamang paggamit para sa paggamit at pagpapanatili ng mga pasilidad na pang-edukasyon para sa mga layuning panlibangan, at upang bayaran ang may-ari sa paggamit nito.

G. Pampublikong Utilidad. Ang mga kontrata para sa pagbebenta ng mga produkto, kalakal o serbisyo ng anumang departamento o pampublikong utilidad na pag-aari, kontrolado o pinapatakbo ng Lungsod ay maaaring gawin ng tagapamahala ng naturang utilidad o ng tagapamahala ng lungsod sa mga pormang inaprubahan ng tagapamahala ng lungsod at sa mga antas itinatag ng konseho ng lungsod.

H. Pagpapatupad. Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ay maaaring pagtibayin ang mga karagdagang pamamaraan upang isakatuparan ang layon ng seksyong ito.

ARTIKULO IV – TAGAPAMAHALA NG LUNGSOD AT ABOGADO NG LUNGSOD

SEKSYON 400. Tagapamahala ng Lungsod.

Magkakaroon ng tagapamahala ng lungsod na magiging punong tagapangasiwang opisyal ng Lungsod. Ang konseho ng lungsod ay maghihirang, sa pamamagitan ng sumasang-ayong boto ng mayorya ng mga miyembro niyo, ay maaaring maghirang ng taong pinaniniwalan nitong pinakakwalipikado batay sa kanyang mga kwalipikasyong

pang-ehekutibo at pampangasiwaan, na may espesyal na pagtukoy sa karanasan sa, at kaalaman sa, mga tinatanggap na gawain kaugnay ng mga tungkulin ng katungkulan. Ang tagapamahala ng lungsod ay maglilingkod sa kaluguran ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 401. Pagiging Karapat-dapat.

Walang sinuman ang magiging karapat-dapat na tumanggap ng paghirang bilang tagapamahala ng lungsod habang naglilingkod bilang isang miyembro ng konseho ng lungsod o sa loob ng anim na taon pagkatapos niyang tumigil na maging isang miyembro ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 402. Kompensasyon at Bono.

A. Tagapamahala ng Lungsod Ayon sa Kalooban. Ang konseho ng lungsod ay aawtorisahang pasukin ang isang kontrata ng pagtatrabaho sa tagapamahala ng lungsod. Ang tagapamahala ng lungsod ay hindi magkakaroon ng mga karapatang ipinagkaloob o pampamamaraan kaugnay ng kanyang pagtatrabaho bilang tagapamahala ng lungsod.

B. Kontrata. Ang tagapamahala ng lungsod ay babayaran ng sweldong may mga benepisyong naaangkop sa kanyang mga responsibilidad bilang punong pampangasiwaang opisyal ng Lungsod, kung saan ang sweldo ay itatatag sa pamamagitan ng resolusyon ng konseho ng lungsod, o sa pamamagitan ng kontrata sa tagapamahala ng lungsod. Anumang sugnay para sa paghihiwalay ay hindi magsasama ng mga benepisyo at ang tuntunin sa kompensasyon sa paghihiwalay ay hindi lalampas ng mas maikli sa isang taon o hindi pa natatapos na termino ng kontrata alinsunod sa Seksyon 53260 ng Kodigo ng Pamahalaan.

C. Bono. Ang tagapamahala ng lungsod ay magbibigay ng bonong panagot na pangkorporasyon na nakakundisyon sa tapat na pagganap sa mga tungkulin sa naturang anyo at sa naturang halaga gaya ng maaaring pagpasyahan ng konseho ng lungsod. Ang anumang primyum para sa naturang bono ay maaaring maging isang tamang singil laban sa Lungsod.

SEKSYON 403. Tagapamahala ng Lungsod, mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Ang tagapamahala ng lungsod ay magiging pampangasiwaang pinuno ng pamahalaan ng Lungsod sa ilalim ng iniaatas at kontrol ng konseho ng lungsod. Ang tagapamahala ng lungsod ay magiging responsable para sa episyenteng pangangasiwa ng lahat ng mga kalakaran sa Lungsod na nasa ilalim ng kontrol ng tagapamahala ng lungsod. Bilang karagdagan sa kanyang mga pangkalahatang kapangyarihan bilang pampangasiwaang pinuno, at hindi bilang limitasyon dito, ang tagapamahala ng lungsod ay magkakaroon ng mga kapangyarihan at tungkulin gaya ng nakalagay sa ordinansa ng konseho ng lungsod, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod.

- (1) Mga Ordinansa. Upang irekomenda sa konseho ng lungsod ang pagpapatibay ng mga naturang panukala at ordinansa kung itunuturing na naaangkop, at upang ipatupad ang lahat ng mga batas at ordinansa ng Lungsod at siguraduhing ang lahat ng prangkisa, kontrata, permit at pribilehiyong iginagawad ng Lungsod ay matapat na sinusunod;
- (2) Awtoridad sa Pamamahala Upang mapanatili ang kontrol sa pamamahala, at magkaloob ng direksyon sa lahat ng pinuno ng departamento, mababang opisyal at empleyado ng Lungsod. Upang magdulot ng naturang pampangasiwaang organisasyon ng mga katungkulan, posisyon o yunit sa interes ng episyente, epektibo at matipid na pangangasiwa ng kalakaran ng Lungsod nang may pagsunod sa konseho ng lungsod;

- (3) Kapangyarihan ng Paghirang at Pagtanggap sa Puwesto. Bilang humihirang na awtoridad, upang maghirang, tanggalin o itaas at ibaba sa puwesto ang lahat ng opisyal at empleyado, maliban kung para sa mga ibinobotong opisyal at abogado ng lungsod ay sumasailalim sa mga sumusunod, (i) lahat ng iba pang naaangkop na ordinansa, patakaran at regulasyon ng Lungsod sa mga tauhan; (ii) mga patakaran sa apela sa sistema para sa mga tauhan, kung mayroon; at (iii) lahat ng iba pang ordinansa ng Lungsod;
- (4) Mga Pagpupulong ng Konseho. Upang ipahanda ang mga adyenda at naaangkop na ulat ng mga tauhan at magpagawa ng mga rekomendasyon at pagpapresenta ng mga opsyon sa lahat ng aytem ng adyenda; at upang lumahok sa mga pagpupulong ng konseho ng lungsod maliban kung pinahintulutan o sa ibang paraan ay inatasan ng alkalde o konseho ng lungsod;
- (5) Mga Ulat sa Pananalapi. Pangasiwaan ang mga kalakaran sa pananalapi ng Lungsod at panatiling may kaalaman ang konseho ng lungsod sa lahat ng pagkakataon kaugnay ng kondisyon at mga pangangailangan sa pananalapi ng Lungsod;
- (6) Badyet. Upang ihanda at isumite sa oras ang iminumungkahing balanseng taunang badyet sa konseho ng lungsod para sa konsiderasyon at pag-apruba, at upang pangasiwaan ang mga pananalapi ng Lungsod nang naaayon sa badyet;
- (7) Ahente ng Kontrata. Upang maaprubahan ang mga gastusin kung saan ang halagang babayaran ng Lungsod ay dalawampu't limang libong dolyar (\$25,000) o mas mababa pa, maliban kung ang naturang halaga ay itinaas sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod sa ilalim ng Section 313D ng Tsarter na ito, upang bilhin ang lahat ng suplay para sa lahat ng departamento o dibisyon ng Lungsod nang naaayon sa badyet at ng ordinansa sa pagbili gaya ng inaprubahan ng konseho ng lungsod at upang aregluhin o ipaareglo ang lahat ng kontrata at upang masigurong ang lahat ng kontrata ay isinasakatuparan alinsunod sa kanilang mga tuntunin;

- (8) Mga Imbestigasyon at Reklamo. Upang magsagawa ng imbestigasyon sa mga pamamalakad ng Lungsod at anumang departamento o dibisyon dito, at anumang kontrata o wastong pagtupad ng anumang mga obligasyon ng Lungsod; upang imbestigahan ang lahat ng reklamo kaugnay ng mga bagay na may kinalaman sa pangangasiwa ng pamahalaan ng Lungsod at ng serbisyong pinananatili ng mga pampublikong utilidad sa Lungsod; upang lumikha ng mga proseso sa pagtanggap ng mga reklamo mula sa mga mamamayan, nagbebenta, at iba pang naagrabyadong tao; upang mag-ulat sa anumang aktibidad ng pag-iimbestiga at gumawa ng mga rekomendasyon sa konseho ng lungsod. Sa kalayaang magpasya ng konseho ng lungsod, ang konseho ay maaaring magpasyang isagawa/pangasiwaan ang partikular na residente, kontratista at/o iba pang reklamo at imbestigasyong hindi pang-employado;
- (9) Mga Pampublikong Gusali. Upang gampanan ang pangkalahatang pangangasiwa sa lahat ng pampublikong gusali, pampublikong parke at lahat ng iba pang pampublikong ari-ariang nasa ilalim ng kontrol at hurisdiksyon ng konseho ng lungsod;
- (10) Iba Pang Mga Tungkulin. Upang gampanan ang ibang mga naturang tungkulin o gamitin ang ibang mga naturang kapangyarihan gaya ng maaaring maipagkaloob sa tagapamahala ng lungsod paminsan-minsan sa pamamagitan ng ordinansa, resolusyon o iba pang opisyal na aksyon ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 404. Pagtanggap sa Puwesto.

Maliban kung para sa dahilan, ang tagapamahala ng lungsod ay hindi matatanggal sa puwesto sa pamamagitan ng aksyong isasagawa ng konseho ng lungsod sa panahon ng siyamnapung (90) araw kasunod ng anumang eleksyong munisipal kung saan ang miyembro ng konseho ng lungsod ay ibinoto. Sa anumang iba pang panahon ang tagapamahala ng lungsod ay maaari lamang matanggal sa isang regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod ay sa mayoryang boto ng konseho ng lungsod. Sa

pagtanggap sa tagapamahala ng lungsod, ang konseho ng lungsod ay magkakaroon ng lubos na kakayahang magpasya, at ang mga aksyon nito ay magiging pinal. Ang tagapamahala ng lungsod ay isang empleyadong at will (may kakayahang magpasya) ay hindi magkakaroon ng anumang karapatan sa pamamaraan na nagbibigay sa kanya ng karapatan sa isang pagdinig o iba pang paunawa bago ang pagtanggap sa puwesto, maliban kung nakatakda sa ordinansa o kontrata.

SEKSYON 405. Tumatayong Tagapamahala ng Lungsod.

Kapag mawawala sa tanggapan ang tagapamahala ng lungsod ng mahigit sa isang araw, (pansamantalang sakit, kapansanan, naka-iskedyul na pagliban, atbp.), ang konseho ng lungsod ay aabisuhan tungkol dito at ang katulong na tagapamahala ng lungsod ibang direktor ng departamento, gaya ng maaaring italaga ng tagapamahala ng lungsod sa paraang nakasulat na naka-file sa klerk ng lungsod, ay itatalaga at pagkakalooban ng “tumatayong: awtoridad ng tagapamahala ng lungsod. Kung ang tagapamahala ng lungsod ay hindi nakapagtalaga ng isang “tumatayong tagapamahala ng lungsod,” isang tumatayong posisyon ang ipa-file sa ganitong pagkakasunod: katulong na tagapamahala ng lungsod, pagkatapos direktor ng pinansya, maliban kung magtatalaga ang konseho ng lungsod sa paraang nakasulat ng isang kwalipikadong pampangasiwaang opisyal ng Lungsod upang gamitin ang mga kapangyarihan at gampanan ang mga tungkulin ng tagapamahala sa panahon ng pansamantalang pagliban o kapansanan.

SEKSYON 406. Abogado ng Lungsod.

Magkakaroon ng abogado ng lungsod, na hihirangin ng o maglilingkod sa kaluguran ng konseho ng lungsod. Isang mayoryang boto ng konseho ng lungsod ang iaatas upang hirangin o tanggalin ang abogado ng lungsod, na mangyayari lamang sa isang regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod. Upang maging at manatiling karapat-dapat para sa abogado ng lungsod, ang taong hinirang ay dapat na maging isang abogado sa

batas na may nararapat na lisensya gaya ng sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California, at naging isang abogado ng pangmunisipal na batas ng hindi bababa sa sampung (10) taon.

SEKSYON 407. Abogado ng Lungsod, mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Ang konseho ng lungsod ay awtorisadong pasukin ang isang pakikipagkontrata sa abogado ng lungsod. Ang abogado ng lungsod ay hindi magkakaroon ng mga karapatang ipinagkaloob o pampamamaraan kaugnay ng kanyang serbisyo bilang tagapamahala ng lungsod. Ang abogado ng lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihan at aatasang:

- (1) Kumatawan at payuhan ang konseho ng lungsod at lahat ng opisyal ng Lungsod sa lahat ng bagay na may kinalaman sa batas na nagpapatungkol sa kanilang mga katungkulan.
- (2) Kumatawan at humarap para sa Lungsod sa anuman o lahat ng aksyon o paglilitis na kung saan may kinalaman o bahagi ang Lungsod, at kumatawan at humarap para sa sinumang opisyal ng Lungsod o empleyado, o dating opisyal ng Lungsod o empleyado, sa anuman o lahat ng aksyon at mga paglilitis kung saan ang sinumang naturang opisyal o empleyadong may kinalaman o kabahagi para sa anumang pagkilos na magmumula sa kanyang trabaho o sa dahilan ng kanyang opisyal na kakayahan.
- (3) Dumalo sa lahat ng pagpupulong ng konseho ng lungsod at magbigay ng payo o opinyon sa paraang nakasulat kapag hiniling na gawin ito ng konseho ng lungsod o sa pamamagitan ng anumang lupong nagpapayo, komite, komisyon o opisyal ng Lungsod.
- (4) Aprubahan ang porma ng mga kontratang ginawa ng at mga bonong ibinigay ng Lungsod, at lahat ng dokumento o kasunduang nairekord para sa o sa ngalan ng lungsod.

- (5) Aprubahan ang anuman o lahat ng mga iminumungkahing ordinansa at resolusyon para sa Lungsod at mga pag-aamyenda rito.
- (6) Isuko sa kanyang kahalili ang lahat ng aklat, papeles, file at dokumentong nagpapatungkol sa mga kalakaran ng Lungsod.
- (7) Magsampa sa ngalan ng mga mamamayan ng Lungsod ng anuman o lahat ng kriminal na kasong nagmumula sa paglabag sa mga ordinansa ng Lungsod, at mga naturang maliliit na kasalanan sa Estado kapag ang Lungsod ay may kapangyarihang magsampa ng kaso.
- (8) Magrekomenda at pangasiwaan ang pagtanggap at pamamahala ng trabaho ng sinuman o lahat ng iba pang abogado nagtatrabaho sa Lungsod upang gampanan ang ligal na trabaho sa anumang paglilitis o iba pang bagay, o sa ibang paraan ay nagtatrabaho upang tulungan ang abogado ng lungsod.
- (9) Upang sa ibang paraan ay maglingkod bilang ligal na tagapayo sa Lungsod, at gampanan ang ibang mga tungkuling naaayon sa Charter, gaya ng iniaatas ng konseho ng lungsod.

ARTIKULO V – MGA OPISYAL AT EMPLEYADO

SEKSYON 500. Mga Nangangasiwang Departamento.

A. Pangangasiwa ng Tagapamahala ng Lungsod.. Ang tagapamahala ng lungsod ay responsable sa organisasyon, gawain at pagpapatakbo ng maraming tanggapan at departamento ng Lungsod na naaayon sa Tsarter na ito, at sa mga ordinansa ng Lungsod na itinatag ng konseho ng lungsod. Sisiguraduhin ng tagapamahala ng lungsod ang episyente at epektibong pagpapatakbo ng mga departamento ng Lungsod, rerepasuhin ang kanilang pagpapatakbo, at kapag kailangan, irerekomenda ang paglikha ng mga karagdagang departamento, dibisyon, tanggapan at ahensya o kanilang pag-iisa, pagbabago o pagbuwag. Ang bawat departamento ay pamumunuan

ng isang opisyal bilang pinuno ng departamentong hihirangin ng at maaaring suspindihin o tanggalin sa puwesto ng tagapamahala ng lungsod.

B. Konseho ng Pag-apruba sa Istruktura ng Organisasyon. Maliban kung sa ibang paraan ay nakatakda sa Tsarter na ito, ang kasalukuyang istruktura ng organisasyon ay babaguhin sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Tsarter na ito mula sa kasalukuyang pinapairal. Ang anumang muling pag-oorganisa o pagbabago ng departamentong inirerekomenda ng tagapamahala ng lungsod ay dapat na aprubahan ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod. Sa rekomendasyon ng tagapamahala ng lungsod, ang konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ay maaaring magtalaga ng mga karagdagang gawain o tungkulin sa mga tanggapan, departamento o ahensya hangga't ito ay naaayon sa Tsarter na ito. Ang tagapamahala ng lungsod ay magrerekomenda at ang konseho ng lungsod ay magtatakda ng numero, mga pamagat, mga kwalipikasyon, mga kapangyarihan, mga tungkulin at kompensasyon ng lahat ng opisyal at empleyado.

SEKSYON 501. Klerk ng Lungsod; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Magkakaroon ng klerk ng lungsod na iboboto ng Lungsod sa kabuuan. Ang mga tauhan sa tanggapan ng klerk ng lungsod ay magiging mga empleyado ng Lungsod at bahagi ng sistema para sa mga tauhan ng Lungsod. Ang klerk ng lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihan at aatasang:

- (1) Dumalo nang personal o sa pamamagitan ng awtorisadong kinatawan, sa lahat ng pagpupulong ng konseho ng lungsod at maging responsable sa pagtatala at pagpapanatili ng buo at tunay na tala ng lahat ng pagpupulong ng konseho ng lungsod sa mga aklat na hahawak ng naaangkop na mga pamagat at mauukol sa naturang layunin.
- (2) Magpanatili ng mga ulat ng lahat ng ordinansa, na nagpapatunay dito bilang orihinal o tamang kopya; pagdating sa isang ordinansang nag-aatas ng paglalathala, na itinatakda para sa paglalathala nito at nagsasaad na ang pareho

ay nailathala o naipaskil alinsunod sa Tsarter na ito; subaybayan ang mga tala ng lahat ng opisyal na aksyon ng konseho ng lungsod, kabilang ang mga kontrata, bono, dokumento at iba pang mga nakatalang instrumento; at panatilihing maayos na naka-indise ang lahat ng aklat at bukas sa pagsiyasat ng publiko kapag hindi aktwal na ginagamit. Ang lahat ng ordinansa ay isasakodigo nang maayos at ang lahat ng kopya ng munisipal na kodigo, nakasulat o elektroniko, ay pananatilihing nasa kasalukuyan o naisapanahon.

- (3) Pamahalaan ang mga tala ng mga opisyal na aksyon ng konseho ng lungsod, kabilang ang mga kontrata, bono, dokumento, at iba pang mga nakatalang instrumento.
- (4) Patunayan ang mga lagda ng mga opisyal ng Lungsod sa mga nakasulat na kontrata o pagpaparating.
- (5) Kilalanin ang pagpapatupad ng lahat ng instrumentong ipinapatupad ng Lungsod kapag iniaatas.
- (6) Alinsunod sa mga mithiin ng Lungsod sa kalinawan, siguraduhing ang mga naaangkop na pamamaraan ay itinatatag at sinusunod upang umayon sa Seksyon 6250 *et seq.* ng Kodigo ng Pamahalaan (“Batas sa Pampublikong Tala ng California”).
- (7) Maging tagapangalaga ng sagisag ng Lungsod, at maglingkod bilang kinatawan ng Lungsod para sa serbisyo ng pagpoproseso.
- (8) Pangasiwaan ang mga panunumpa o pagpapatunay, tanggapin ang mga apidabit at deposisyong nagpapatungkol sa mga pagpapatakbo at kalakaran ng Lungsod at patunayan ang mga kopya ng mga opisyal na rekord.
- (9) Maging eks opisiyong tagatasa, maliban kung ang konseho ng lungsod ay nagpapatupad ng mga probisyon ng mga batas ng estadong nauukol sa pagtatasa ng ari-arian at koleksyon ng mga buwis ng Lungsod ng mga opisyal ng county, o maliban kung sa ibang paraan ay itinatakda ng konseho ng lungsod.

- (10) Maglingkod bilang opisyal ng eleksyon ng Lungsod at mangasiwa sa lahat ng eleksyon ng Lungsod.
- (11) Magsagawa ng pagbubukad ng mga bid para sa mga proyekto ng pagawaing pampublikong inaanunsyo ng Lungsod.
- (12) Gampanan ang iba pang mga naturang tungkulin naaayon sa Tsarter na ito at kapag maaaring iatas ng pangkalahatang batas ng Estado, o sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 502. Ingat-Yaman ng Lungsod; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Magkakaroon ng ingat-yaman ng lungsod na iboboto ng Lungsod sa kabuuan. Ang mga tauhan sa tanggapan ng ingat-yaman ng lungsod ay magiging mga empleyado ng Lungsod at bahagi ng sistema para sa mga tauhan ng Lungsod. Ang ingat-yaman ng lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihan at aatasang:

- (1) Tulungan ang direktor ng pinansya, kung hihilingin ng naturang opisyal, sa pagsasakatuparan ng mga itinalagang tungkulin. Sa kaganapan ng anumang hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga opisyal, ang mga naturang bagay ay isasangguni sa tagapamahala ng lungsod.
- (2) Tanggapin at pag-ingatan ang lahat ng perang mapapasakamay nila bilang ingat-yaman ng lungsod.
- (3) Sumunod sa lahat ng probisyon ng batas na namamahala sa pagdedeposito at pangangalaga ng mga pampublikong pondo, at siguraduhing ang lahat ng pondo ay idinideposito sa mga naaangkop na institusyon bilang pagsunod sa batas ng estado.
- (4) Sumunod sa lahat ng probisyon ng mga pangkalahatang batas ng Estadong namamahala sa paghawak ng mga naturang pondong mahahawakan niya.

- (5) Makipagtulungan sa paghahanda ng malayang taunang pag-oodit alinsunod sa Seksyon 41002 ng Kodigo ng Pamahalaan at Seksyon 913 dito.
- (6) Bayaran lamang ang mga perang nasa mga warrant na nilagdaan ng mga taong itinalaga ng batas, o ordinansa, bilang mga nararapat na taong lalagda sa mga warrant at pagdating sa mga trust fund na maaaaring mapasakanilang pag-aari o kontrol sa pamamagitan ng batas, ordinansa o resolusyon, sa pamamagitan ng warrant o iba pang utos, alinsunod sa mga probisyon ng naturang batas, ordinansa o resolusyon.
- (7) Makipagpulong sa direktor ng pinansya sa regular na pagitan at hindi bababa sa isang beses sa bawat buwan, magsumite sa direktor ng pinansya ng isang nakasulat na ulat at pagtatala ng lahat ng resibo, paglalabas ng pondo at mga balanse ng pondo, ang kopya ng nasabing ulat ay ipa-file sa konseho ng lungsod.
- (8) Tulungan ang direktor ng pinansya sa paghahanda ng taunang ulat sa patakaran sa pamumuhunan alinsunod sa Seksyon 53646(a)(2) ng Kodigo ng Pamahalaan, siguruhing ang lahat ng pamumuhunan ay isinasagawa alinsunod sa naturang patakaran, at gumawa ng mga rekomendasyon para sa mga pagpapabuti sa mga naturang patakaran. Ang taunang ulat ay pag-aaralan ng komite sa pamumuhunan.
- (9) Magsilbi nolang tagapangulo ng isang komite sa pamumuhunan, na kabibilangan ng direktor ng pinansya, tagapamahala ng lungsod o katulong na tagapamahala ng lungsod, isang miyembro ng konsehong itinalaga ng alkalde, at isang residenteng may kadalubhasaan sa pananalapi na itinalaga ng alkalde, na nirerepaso ng pana-panahon ang kalagayan ng at mga plano para sa pamumuhunan ng mga pampublikong pondo bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang mga pangangailangan sa pananalapi ng Lungsod at mag-uulat dito nang hayagan sa konseho ng lungsod.

SEKSYON 503. Kompensasyon.

Ang konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ay pagpapasyahan ang halaga at uri ng kompensasyong ibabayad sa lahat ng opisyal ng Lungsod, pinuno ng departamento, at mga empleyado. Pana-panahong sisiyasatin ng konseho ang mga maikukumparang lungsod at magtatakda ng mga antas ng kompensasyon upang maging makatwiran sa pagiging kompetitibo sa kabuuan ng magkakatulad na uri at posisyon, nang isinasaalang-alang ang kalagayan ng pananalapi ng Lungsod. Ang mga sweldo ng klerk ng lungsod at ingat-yaman ng lungsod ay itatakda sa pamamagitan ng resolusyon ng konseho ng lungsod at pananatilihin sa saklaw na naaangkop sa ilalim ng iskedyul ng Lungsod sa sweldo alinsunod sa kanilang pinakamataas na binabayaranang mababang empleyado o tagapamahala. Ang klerk ng lungsod at ingat-yaman ng lungsod ay maaari ring tumanggap ng mga karagdagang primyum para sa pagtanggap ng mga propesyonal na pagtatalaga bilang “Sertipikadong Pangmunisipal na Klerk ng California” o “Sertipikadong Pangmunisipal na Ingat-Yaman ng California” alinsunod sa resolusyon ng Konseho.

SEKSYON 504. Mga Pinuno ng Departamento.

Ang bawat pinuno ng departamento ay magkakaroon ng awtoridad na pamahalaan ang kanilang departamento upang mapangasiwaan ang mga empleyado sa kanilang departamento, at pamahalaan ang departamento sa ilalim ng direksyon ng tagapamahala ng lungsod at alinsunod sa mga ordinansa, resolusyon at patakaran ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 505. Nepotismo, Paboritismo, at Katiwalian

Magiging patakaran ng Lungsod na ipagbawal at huwag pahintulutan ang nepotismo, paboritismo at katiwalian. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang opisyal ay

mangangahulugang lahay ng pampublikong opisyal ng Lungsod, ibinoto o hinirang, at ang tagapamahala ay mangangahulugang tagapamahala ng lungsod, katulong na tagapamahala ng lungsod, at lahat ng pinuno ng departamento ng Lungsod.

Ang lahat ng opisyal o tagapamahala ng Lungsod ay hindi sa pamamagitan ng kanilang sarili, at hindi aatasan ang sinumang taong, hirangin, pagtrabahuhin, itaas sa pwesto, o isulong para mahirang sa anumang komite, lupon o komisyon, trabaho, o promosyon sa o sa anumang posisyon sa Lungsod, ang sinumang indibidwal na isang kamag-anak ng naturang tagapamahala o sinumang opisyal ng Lungsod, na kadugo o kasal sa loob ng ikatlong antas, o katipan ng naturang tagapamahala o sinumang opisyal ng Lungsod.

Walang indibidwal ang hihirangin sa anumang komite, lupon o komisyon sa Lungsod kung ang naturang paghirang ay itinaguyod ng isang opisyal o tagapamahala ng Lungsod para sa pagtratong may pagkiling ng naturang indibidwal para sa mga layuning bukod sa kadalubhasaan o pagganap sa naturang komite, lupon o komisyon.

Ang isang opisyal o tagapamahala ng Lungsod, sa panahon ng kanilang mga tungkulin, ay hindi tatanggap o magkakaloob ng pera o mga regalo sa sinumang indibidwal o entidad, maliban kung pinahihintulutan ng batas ng Estado, o sa pamamagitan ng ordinasa o resolusyon ng konseho ng lungsod.

ARTIKULO VI – MGA HUMIHIRANG NA LUPON, KOMITE AT KOMISYON

SEKSYON 600. Sa Pangkalahatan.

Upang matulungan ang konseho ng lungsod sa pamamahala ng Lungsod, magkakaroon ng awtoridad sa pabahay, lupon ng pag-aaral sa pagrenta ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar), komisyon sa pagpaplano, at ibang mga naturang lupon, komite o komisyon gaya ng nakatakda sa Tsarter na ito o gaya ng maaaring itatag ng konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon. Ang konseho ng lungsod ay magtatakda ng mga layunin ng mga naturang lupon, komite at komisyon at maaaring maggawad sa kanila ng mga naturang kapangyarihan at

tungkulin gaya ng itinuturing nitong naaangkop at naaayon sa mga probisyon sa Tsarter na ito.

SEKSYON 601. Mga Paglalaan.

Isasama ng konseho ng lungsod sa taunang badyet nito ang mga naturang paglalaan ng mga pondo gaya ng nasa opinyon nitong magiging sapat para sa mahusay at tamang pagganap ng mga naturang lupon, komite at komisyon. Ang konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ay maaaring magtakda ng mga makatwirang singil para sa pagkakaloob para sa mga gastos sa mga pagdinig o iba pang mga pampangasiwaang paglilitis ng mga humihirang na lupon, komite at komisyon ng Lungsod.

SEKSYON 602. Mga Paghihirang; Mga Panahon ng Panunungkulan.

A. Mga Paghihirang. Ang alkalde at ang bawat miyembro ng konseho ng lungsod ay maaaring maghirang ng isang miyembro sa isang posisyon sa bawat lupon, komite o komisyon ng Lungsod, at ang mga natitirang posisyon sa pagkamiyembro ay hihirangin ng alkalde at aaprubahan ng isang mayorya ng konseho ng lungsod, kabilang ang tatlong kahalili. Upang maging kwalipikado para sa paghirang, ang miyembro ay dapat na maging isang kwalipikadong manghahalal ng Lungsod, dapat na naninirahan sa Lungsod ng hindi bababa sa animnapung (60) araw agad bago ang kanilang paghirang, at dapat na patuloy na naninirahan sa Lungsod para sa itatagal ng kanyang panunungkulan, maliban kung sa ibang paraan ay itinakda ng ordinansa. Ang konseho ng lungsod, para sa mabuting dahilan, ay maaaring ipagliban ang iniaatas na paninirahan ng isang taon bago ang paghirang, sa mga indibidwal na kaso. Sisikapin ng konsehong hirangin ang mga komisyoner na may sapat na kadalubhasaang isakatuparan ang mga layunin ng lupon, komisyon o komite, at maaaring magtakda ng mga kwalipikasyon sa kadalubhasaan para sa bawat position ng pagkamiyembro, sa

halip ng paghirang ng indibidwal na mga miyembro ng konseho, na sa ganitong pagkakataon ang mga posisyon ay pupunan ng alkalde at aaprubahan ng konseho.

B. Paunawa. Ang paunawa ng pagkakaroon ng isang posisyon para sa paghirang o upang punan ang isang pagkabakante ay sasailalim sa mga probisyon ng mga Seksyon 54970-54974 ng Kodigo ng Pamahalaan (“Batas ng Maddy”) at ipapaskil sa mga Itinalagang Lugar alinsunod sa Seksyon 308 ng Tsarter na ito, pati na rin sa opisyal na website ng Lungsod. Maaari ring gamitin ng klerk ng lungsod ang ibang mga panteknolohiyang pamamaraan upang ipamahagi ang impormasyon sa publiko. Ang konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng resolusyon, ay maaaring pagtibayin ang mga karagdagang pamamaraan upang tumanggap at isaalang-alang ang mga aplikante para sa mga lupon, komite at komisyong tagapayo ng Lungsod at maaaring ipagliban ang pag-file ng mga aplikasyon kapag itinuturing nitong naaangkop.

C. Mga Panahon ng Panunungkulan. Ang mga miyembrong kasalukuyang naglilingkod sa mga humihirang na lupon, komite, at komisyon ng Lungsod sa epektibong petsa ng Tsarter na ito ay magpapatuloy sa kanilang mga posisyon hanggang sa pagtatapos ng kanilang kasalukuyang panahon ng panunungkulan, at ang mga susunod na miyembro ay maglilingkod ng panahon ng dalawang (2) taon sa panunungkulan, maliban kung sa ibang paraan ay itinakda sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ng konseho ng lungsod, at hanggang sa mahirang at maging kwalipikado ang kanilang mga kaukulang kahalili. Maliban kung mangyayari ang pagkabakante, ang pagpupulong ng organisasyon upang punan ang mga posisyon ay magiging sa parehong panahon ng pag-file ng posisyon ng pansamantalang alkalde sa Seksyon 302(C) ng Tsarter na ito.

SEKSYON 603. Mga Tagapangulo; Mga Pagpupulong; Mga Tauhan; Mga Patakaran.

Sa sandaling maging magagamit, ang sumusunod na unang araw ng bawat taon ng kalendaryo, o ibang naturang panahon gaya ng maaaring italaga sa pamamagitan ng

resolusyon ng konseho ng lungsod, ang mga miyembro ng bawat lupon, komite o komisyon tagapayo ay hihirang ng isang miyembro upang maglingkod bilang tagapangulo at/o bilang (mga) pangalawang tagapangulo ng naturang lupon, komite o komisyon. Maliban kung sa ibang paraan ay itinatakda sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, o sa mga patakaran ng pagpupulong na ipinahayag ng naaangkop na lupon, komite, o komisyon tagapayo ang bawat humihirang na lupon, komite o komisyon ay magdaraos ng mga regular na pagpupulong nang hindi bababa sa isang beses bawat buwan, at maaaring magdaos ng mga espesyal na pagpupulong gaya ng iaatas ng naturang lupon, komite o komisyon. Ang lahat ng mga pagpupulong ay dapat na maging bukas sa publiko at isasagawa sa parehong paraan sa itinakda sa Seksyon 312 ng Tsarter na ito, maliban kung para sa mga naturang saradong sesyon gaya ng maaaring pahintulutan ng batas, at dapat na isagawa alinsunod sa mga batas sa mga bukas na pagpupulong ng Batas ng Brown. Maliban kung sa ibang paraan ay itinatakda sa Tsarter na ito, ang tagapamahala ng lungsod ay magtatalaga ng isang sekretarya para sa pagtatala ng mga napag-usapan para sa bawat isa sa mga naturang lupon, komite at komisyon, na pagpapanatili ng pagtatala ng mga pagpupulong at transaksyon nito at magkakaloob ng naaangkop na suporta ng mga tauhan para sa naturang lupon o komisyon. Ang bawat humihirang na lupon, komite o komisyon sa pamamagitan ng resolusyon ay maaaring magpatibay ng ibang mga naturang patakaran at regulasyong maaayon sa Tsarter na ito at sa mga patakaran at pamamalakad ng konseho ng lungsod, kabilang ang Seksyon 312 dito.

SEKSYON 604. Kompensasyon.

Gaya ng maaaring isaayos sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon sa hinaharap, sa pag-apruba ng tsarter na ito, ang lahat ng miyembro ng mga humihirang na lupon, komite at komisyon, kabilang ang mga alternatibo, ay tatanggap ng kompensasyon para sa kanilang mga serbisyo sa halagang limampung (\$50) kada pagpupulong at tatanggap ng pagsasauli ng ibinayad para sa mga kinakailangang paglalakbay at iba

pang mga naging gastusin sa opisyal na tungkulin kapag ang mga naturang gastusiin ay nakatanggap ng awtorisasyon ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 605. Pagtanggap sa Puwesto; Mga Pagkabakante.

Ang sinumang miyembro ng lupon, komite o komisyong tagapayo ay maglilingkod sa kaluguran ng konseho ng lungspd at maaaring matanggap sa puwesto sa anumang oras sa rekomendasyon/nominasyon para sa pagtanggap ng Alkalde at isang boto ng mayorya ng pagkamiyembro ng konseho ng lungsod.

Mga dahilan para matanggap sa puwesto ay kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa:

- (1) Labis na pagliban, na ipinapaliwanag bilang pagliban sa tatlong magkakasunod-sunod na pagpupulong ng naturang lupon, komite, o komisyon o sa dalawampu't limang porsyento (25%) ng mga nauukol na naka-iskedyul na pagpupulong ng lupon o komisyon sa loob ng anumang piskal na taon, maliban kung sa pamamagitan ng pahintulot ng naturang lupon o komisyon na maliwanag na ipinahayag sa opisyal na napag-usapan nito.
- (2) Nahatulan sa anumang mabigat na kasalanan.
- (3) Sa pagtigil sa pagiging kwalipikadong elektor ng Lungsod.
- (4) Sa nakasulat na pagbitiw ng miyembro.

Para sa mga nabanggit na dahilan, o anumang iba pa, o kung walang dahilan, maaaring ideklarang bakante ng konseho ng lungsod ang katungkulan ng sinumang miyembro ng lupon, komite, o komisyon, at ang pagkabakante ay magiging epektibo mula sa petsa ng deklarasyon maliban kung sa ibang paraan ay tinukoy sa deklarasyon.

Ang anumang mga pagkabakante sa anumang lupon, komite, o komisyon ay pupunan ng alkalde at konseho ng lungspd sa parehong paraang tinukoy dito para sa orihinal na

paghirang ng natanggal na miyembro. Sa nangyayaring pagkabakanteng nag-iisan ng hindi pa natatapos na bahagi ng katungkulan ng isang miyembro, ang anumang paghirang upang punan ang naturang pagkabakante ay magiging para sa hindi pa natatapos na bahagi ng naturang termino.

SEKSYON 606. Komisyon sa Pagpaplano; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.

Magkakaroon ng isang komisyon sa pagpaplano na binubuo ng hindi bababa sa limang (5) miyembro. Ang direktor sa pagpapaunlad ng komunidad o kanyang itinalagang kinatawan at dadalo sa lahat ng pagpupulong ng komisyon sa pagpaplano. Ang komisyon sa pagpaplano ay maaaring makipagpulong sa at tumanggap ng pagpapayo mula sa abogado ng lungsod gaya ng maituturing nito o ng abogado ng lungsod na kailangan. Ang komisyon sa pagpaplano ay magkakaroon ng lahat ng sumusunod na kapangyarihan at tungkuling maaaring mabago sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod:

- (1) Lahat ng tungkulin nakatakda sa Batas sa Pagpaplano at Pagsosona ng Estado para sa ahensya ng pagpaplano bilang pareho ay umiiral na ngayon at sa parehong paraan maaaring mabago pagkatapos nito.
- (2) Pagkatapos ng pampublikong pagdinig, irekomenda sa konseho ng lungsod ang anumang pagbabago sa pangkalahatang plano o anumang bahagi dito, o anumang mga pagbabago sa ordinansa sa pagsosona.
- (3) Gamitin ang awtoridad na iginawad dito sa pamamagitan ng ordinansa sa mga subdivisyon, paggamit ng mga permit, o iba pang mga bagay na naaayon sa Tsarter na ito.
- (4) Isakatuparan ang lahat ng tungkulin at ginagampanan gaya ng itinatag sa Seksyon 208 ng Tsarter na ito.
- (5) Balik-aralan ang kalidad at kalikasan ng pagpapaunlad sa loob ng Lungsod alinsunod sa pangkalahatang plano at gumawa ng mga rekomendasyon sa

konseho ng lungsod upang matiyak na ang pagpapaunlad ay isinasagawa alinsunod sa pangkalahatang plano at mga pamantayan sa pagpapalano ng Lungsod.

- (6) Gumawa ng mga rekomendasyon sa konseho ng lungsod tungkol sa taunang plano sa pagpapabuti ng kapital at pagdating sa pagkuha at pag-alis ng real property pagdating sa pagkanaaayon nito sa pangkalahatang plano.
- (7) Gampanan ang ibang mga tungkuling tinukoy ng konseho ng lungsod na naaayon sa Tsarter na ito.

SEKSYON 607. Lupon ng Pagrerepaso sa Renta ng Parke ng Mobile Home (Tirahang Nakahimpil sa Isang Lugar).

Magkakaroon ng lupon ng pagrerepaso sa renta ng parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar) na binubuo ng limang (5) miyembro, kabilang ang hindi bababa sa dalawang (2) residenteng may-ari ng tirahan, dalawang (2) may-ari ng parke, at (2) miyembro sa pangkalahatan, gaya ng itinakda sa pamamagitan ng konseho ng lungsod. Hindi bababa sa 5 ang mga alternatibong miyembro gaya ng itinakda sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod, at ang mga miyembro at alternatibong miyembro ay hihirangin ng alkalde at aaprubahan ng konseho ng lungsod. Ang lupon ng pagrerepaso sa renta ng parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar) ay magkakaroon ng lahat ng sumusunod na kapangyarihan at tungkuling maaaring mabago sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod:

- (1) Gumawa ng mga rekomendasyon sa konseho ng lungsod na itinuturing ng lupon na naaangkop tungkol sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng lungsod sa parke ng mobile home (tirahang nakahimpil sa isang lugar).
- (2) Pakinggan at pagpasyahan ang mga aplikasyon sa pag-aayos ng renta na naghahangad ng pag-aayos para sa mga naging gastusin sa pagpapabuti ng kapital at/o para sa pag-aayos upang masiguro ang “patas na kita” para sa May-

ari ng Parke gaya ng ipinakakahulugan ng batas tungkol sa terminolohiyang iyon, at pagpasyahan kung aaprubahan, babaguhin o hindi aaprubahan ang naturang pag-aayos ng renta alinsunod sa mga pamamaraang itinatag sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod.

- (3) Gampanan ang ibang mga tungkuling tinukoy ng konseho ng lungsod na naaayon sa Tsarter na ito.

SEKSYON 608. Awtoridad sa Pabahay ng Carson.

Magkakaroon ng awtoridad sa pabahay ng Carson na binubuo ng mga miyembro ng konseho ng lungsod ng Carson. Ang mga miyembro ng lupon ay maaaring magtakda sa pagpipilian, mga tungkulin, at kompensasyon ng mga opisyal/tauhan ng awtoridad na gagampanan ang mga naturang tungkulin at pagganap gaya ng maaaring iatas ng awtoridad o mapagtibay ng mga batas at patakaran ng pamamaraan para sa awtoridad sa pabahay. Ang mga kapangyarihan ng awtoridad sa pabahay ay ipagkakaloob sa mga miyembro ng lupon dito at isasama ang lahat ng karapatan, kapangyarihan, tungkulin, pribilehiyo at iksemsyon sa kaso na itinatag ng Seksyon 34200 et seq. ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan (“Batas sa mga Awtoridad sa Pabahay ng California”)

SEKSYON 609. Awtoridad sa Pagpapanauli ng Carson.

Magkakaroon ng awtoridad sa pagpapanauli ng Carson gaya ng naitatag sa pamamagitan ng kasunduan sa pinagsamang kapangyarihan alinsunod sa at na naaayon sa Seksyon 6500 et seq. ng Kodigo ng Pamahalaan (“Batas sa Magkasamang Paggamit ng mga Kapangyarihan”), na kung saan ang mga utang, pananagutan, at obligasyon nito ay hindi magiging mga utang, pananagutan, at obligasyon ng mga miyembrong ahensya nito. Pabibilisin ng awtoridad, potensyal na popondohan, at pangangasiwaan ang pagreremedyo at pagpapanauli ng ilang hindi napabuting real

property na matatagpuan sa buong Lungsod na nahihirapan sa mga mapanganib na kontaminasyon ng mga materyales o iba pang mga anyo ng pagsama ng kalagayan ng kapaligiran. Ang mga kapangyarihan at tungkulin ng awtoridad ay maaaring umabot ng higit pa sa pagreremedyo sa ari-arian upang isama ang: pagpapalano sa pagpapaunlad, pagpopondo at pagkokontrata, pagkuha at pamamahala ng ari-arian, ang pagtatag at pagpapanatili ng pondo para sa pagpapanauli, at anumang iba pang mga kapangyarihan o tungkuling tinukoy sa kasunduan sa pinagsamang kapangyarihan, mga batas sa awtoridad, o pangkalahatang batas ng Estado.

ARTIKULO VII – SISTEMA PARA SA MGA TAUHAN

SEKSYON 700. Sistema para sa mga Tauhan

Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon ay maaaring magtatag ng isang sistema ng mga patakaran at pamamalakad para sa mga tauhan na namamahala sa mga tuntunin ng pagtatrabaho ng sinuman o lahat ng empleyado ng Lungsod. Ang Sistema para sa mga Tauhan ay magkakaroon ng mga sumusunod na aspeto: (i) ang tagapamahala ng lungsod ang magiging humihirang na awtoridad alinsunod sa Seksyon 403(3) ng Tsarter na ito, (ii) ang mga patakaran at pamamalakad para sa mga tauhan ay magiging naaayon sa Seksyon 701 ng Tsarter na ito, (iii) ang pagsasagawa ng sama-samang pakikipag-usap at pagpasok sa mga kontratang may mga empleyadong may kinatawan alinsunod sa Seksyon 3500 *et seq.* ng Kodigo ng Pamahalaan (“Batas ng Meyers-Milias-Brown”), at (iv) ang aksyong nagdidisiplina ay maaaring iapela sa komisyon sa serbisyo sibil, kung itinatag gaya ng inilalarawan sa Seksyon 705 ng Tsarter na ito.

Kung ang pagpapatupad sa anumang probisyon ng Tsarter na ito o aksyon ng konseho ng lungsod ay nagmumungkahing bigyang bisa ang isang pagbabago tungkol sa isang bagay o isyu sa loob ng saklaw ng pagkatawan sa pagitan ng mga organisasyon ng pampublikong taga-empleo at pampublikong empleyado, susundin ng Lungsod ang

lahat ng ligal na obligasyon upang makipagpulong at sumangguni sa naapektuhang organisayon ng empleyado gaya ng ipinapaliwanag ng at iniaatas sa ilalim ng Batas ng Meyers-Milias-Brown (Seksyon 3500 et. seq. ng Kodigo ng Pamahalaan).

SEKSYON 701. Mga Patakaran at Pamamalakad para sa mga Tauhan.

Ang sistema para sa mga tauhan at mga patakaran para sa mga tauhan, gaya ng itinatag sa pamamagitan ng mga ordinansa at resolusyon ng konseho ng lungspd, at alinsunod sa Seksyon 102 ng Tsarter na ito, ay mananatiling may bisa maliban kung sa ibang paraan ay nilinaw o binago ng Tsarter na ito. Ang mga patakaran at pamamalakad para sa mga tauhan ay maaaring pamahalaan, nang walang limitasyon, ang mga sumusunod na aspeto ng sistema para sa mga tauhan:

- (1) Klasipikasyon ng pagtatrabaho ayon sa posisyon ng trabaho sa pagitan ng mga paghirang na exempt at non-exempt, at pagpapasya ng “at will” na mga kategorya ng mga posisyon sa trabaho.
- (2) Ang paghahanda, paglalagay, pagbabago at pangangasiwa ng plano sa klasipikasyon ng posisyong sumasaklaw sa lahat ng posisyon sa kompetitibong serbisyo.
- (3) Ang paghahanda, paglalagay, pagbabago at pangangasiwa ng plano sa kompensasyong tumutugma sa plano sa klasipikasyon ng posisyon, na nagkakaloob ng antas o saklaw ng kabayaran para sa bawat uri.
- (4) Ang pag-aanunso sa publiko ng mga eksaminasyon at aplikasyon para sa at pagtanggap ng mga aplikasyon para sa trabaho at pagtatag ng pamantayang may kaugnayan dito.
- (5) Ang paghahanda at pangangasiwa ng mga eksaminasyon at ang pagtatag at paggamit ng mga nagreresultang listahan ng trabahong naglalaman ng mga pangalan ng mga taong karapat-dapat sa paghirang.

- (6) Ang sertipikasyon at paghirang sa mga taong mula sa mga listahan ng trabaho, at ang paggawa ng mga pansamantala, pang-emerhensya, at probisyonal na paghirang.
- (7) Ang pagtatag ng mga regulasyon sa mga oras ng trabaho, pagpasok at pagliban, mga programa sa pagsasanay, mga benepisyo, mga tuntunin sa pag-aasal at iba pang mga kondisyon sa trabaho.
- (8) Ang pagsusuri ng mga empleyado sa panahon ng probasyon at sa mga panahong pagitan.
- (9) Ang paglipat, pagtaas ng puwesto, pagbaba ng puwesto, muling pagtatalaga, paghihiwalay, o anumang iba pang pagbabago sa kalagayan ng mga empleyado sa kompetitibong serbisyo.
- (10) Ang pagdidisiplina sa mga empleyado.
- (11) Isang sistema o mga sistema ng pagsusumite sa at pagrerepaso ng tagapamahala ng lungspd, tagapamahala ng mga tauhan o iba pang itinalagang tao o mga tao, ng itinalagang mga uri ng disiplina at pagpapasya para sa mga tauhan, para sa paghahanap ng katotohanan, mga rekomendasyon, panghuling pagpapasya o iba pang mga itinalagang layunin o epekto.
- (12) Pagtatag ng isang Komisyon sa Serbisyo Sibil upang pakinggan ang mga apela sa mga aksyong pandisiplina at gumawa ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang sistema para sa mga tauhan gaya ng itinatag sa Seksyon 705.

SEKSYON 702. Mga Kontrata ng Empleyado; Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng Estado.

A. Memorandum ng Pag-unawa. Maaaring pasukin ng Lungsod ang anumang mga kontrata o mga kasunduan sa sama-samang pakikipag-usap sa mga empleyado nito, at magtatagpo at magsasangguni sa nauukol na awtorisadong kinatawan ng mga

naturang empleyado tungkol sa mga sahod, oras at iba pang mga takda at kondisyon sa pagtatrabahong isasama sa anumang naturang kasunduan. Ang Lungsod sa pamamagitan ng resolusyon ay maaaring magtatag ng mga kondisyon para sa pagkilala sa mga grupo ng empleyado sa pakikipag-usap, ngunit pananatilihin ang mga karapatan sa pamamahala at kinakailangang awtoridad upang mapangasiwaan ang organisasyon ng Lungsod.

B. Kontrata ng CalPERS. Ang awtoridad ng plenaryo sa ilalim ng Tsarter na ito ay ipagkakaloob sa Lungsod at sa konseho ng lungsod, at sa pamamagitan ng pagtatalaga ng konseho ng lungsod, sa maraming opisyal, ahente, at empleyado nito, gawin ang lahat ng pagkilos at gamitin ang lahat ng awtoridad na iginagawad, ipinapahintulot, o iniaatas upang mahayaan ang Lungsod na magpatuloy bilang isang nakikipagkontratang lungsod sa ilalim ng Sistema ng Pagreretiro ng mga Pampublikong Empleyado, at wawakasan lamang ang naturang kontrata ng dalawang-katlo ng sumasang-ayong boto ng konseho ng lungsod at alinsunod sa batas ng estado.

SEKSYON 703. Pagiging Karapat-dapat para sa Hinirang na Katungkulan.

Walang sinumang humahawak o nagpapanatili ng anumang ibinobotong pampublikong katungkulan, at walang sinumang humawahak ng anumang hinirang na katungkulang may mga tungkuling hindi tumutugma sa mga tungkuling tatanggalin para sa lungsod, ay magiging karapat-dapat para sa paghirang bilang tagapamahala ng lungsod, abogado ng lungsod, o isang miyembro ng anumang lupon, komite o komisyong tagapayo. Walang sinuman ang magiging karapat-dapat para sa paghirang bilang tagapamahala ng lungsod, abogado ng lungsod, o isang miyembro ng anumang lupon, komite o komisyong tagapayo na kaanak na kadugo o sa pamamagitan ng kasal sa loob ng ikatlong antas ng sinumang isa o higit pang miyembro ng konseho ng lungsod. Ang tagapamahala ng lungsod, mga kaukulang pinuno ng departamento, at lahat ng iba pang mga taong binibigyan ng kapangyarihan ng Tsarter na ito o ordinansa upang hirangin ang sinumang tao sa anumang hinihirang na posisyon sa pamahalaan ng

Lungsod ay hindi hihirangin ang sinumang taong kaanak na kadugo o sa pamamagitan ng kasal sa loob ng ikatlong antas ng taong gagawa ng paghirang.

SEKSYON 704. Mga Iligal na Kontrata; Interes sa Pananalapi.

A. Magkakasalungat na Interes. Ang lahat ng opisyal at empleyado ng Lungsod ay ganap na susunod sa lahat ng mga batas ng estado tungkol sa magkakasalungat na interes.

B. Kodigo sa Magkasalungat na Interes. Papagtibayin ng Lungsod ang isang kodigo nang naaayon sa batas ng Estado sa pamamahala sa magkakasalungat na interes at ang mga opisyal at empleyado ay susunod sa naturang kodigo. Walang opisyal o empleyado ang lalahok sa paggawa ng anumang desisyon kung saan sila ay mayroong materyal na pampinansyal na interes, sa pag-aari man ng real property, isang pinagkukunan ng kita, mga interes sa negosyo, o iba pang mga nagdidiskwalipikang pampinansyal na interes.

C. Mga Ipinagbabawal na Kontrata. Walang miyembro ng konseho ng lungsod, pinuno ng departamento o iba pang opisyal ng Lungsod ang magiging pampinansyal na interesado, direkta o hindi direkta, sa anumang kontrata, pagbebenta o transaksyon kung saan ang Lungsod ay kabahagi. Walang miyembro ng anumang lupon, komite o komisyon ang magiging pampinansyal na interesado, direkta o hindi direkta, sa anumang kontrata, pagbebenta o transaksyon kung saan ang Lungsod ay kabahagi at na maihaharap sa lupon, komite o komisyon kung saan ang naturang tao ay isang miyembro para sa pag-apruba o iba pang opisyal na aksyong pinatutungkulan ng departamento, tanggapan o ahensya ng Lungsod na may koneksyon ang naturang lupon, komite o komisyon. Ang anumang kontrata, pagbebenta o transaksyon kung saan magkakaroon ng isang interes, gaya ng tinukoy sa seksyong ito, ay mawawalan ng bisa sa eleksyon ng Lungsod kapag idineklara ng konseho ng lungsod sa pamamagitan ng resolusyon.

D. Pampinansyal na Interes. Ang mga pangkalahatang batas ng Estado ng, California kabilang ang mga Seksyon 87100, 1090 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang pagpapatupad ng mga regulasyon dito ay gagamitin sa pagpapasya sa kung ano ang bumubuo sa isang pampinansyal na interes para sa layunin ng seksyong ito, kung saan ang mga pangkalahatang batas ay maaaring madagdagan o mabago ng mga regulasyon ng konseho ng lungsod na pinagtibay sa pamamagitan ng ordinansa.

E. Pagsuko ng Katungkulan. Kung ang sinumang miyembro ng konseho ng lungsod, pinuno ng departamento o iba pang opisyal ng Lungsod, o miyembro ng isang lupon o komisyon ay magiging pampinansyal na interesado gaya ng binanggit sa itaas, sa kumbiksyon dito, isusuko niya ang kanyang katungkulan bilang karagdagan sa anumang iba pang parusang maaaring iatas para sa naturang paglabag ng Tsarter na ito.

SEKSYON 705. Komisyon sa Serbisyong Sibil

Depende sa pakikipagtagpo at pakikipagsangguni sa apektadong organisasyon ng empleyado gaya ng ipinaliwanag sa at iniaatas sa ilalim ng Batas ni Meyers-Milias-Brown (Seksyon 3500 et. seq. ng Kodigo ng Pamahalaan) sa seksyon 705 na ito at malinaw na pag-apruba ng bawat kasalukuyang apektadong organisasyon ng empleyado sa loob ng Lungsod sa parehong bagay, mayroong itinatag sa pamamagitan nito na isang komisyon sa serbisyong sibil upang pag-isipan ang mga apela sa mga aksyon ng pagdidisiplinang sinimulan laban sa mga empleyado. Ang komisyon sa serbisyong sibil ay bubuun ng limang (5) malayang miyembrong may kaukulang kadalubhasaan na iminungkahi ng mayor at pinagtibay ng konseho ng lungsod, na sumasalamin sa mga interes ng namamahala, mga empleyado at mamamayan, kabilang ang mga negosyo, ngunit hindi kinakailangang maging mga residente, maliban kung ang isang miyembro ay magiging isang miyembro ng lupon ng isa sa mga kinakatawanang nakikipag-usap na yunit ng Lungsod. Ang mga miyembro ay pipili ng tatlo sa kanilang mga miyembrong magsasagawa ng anumang pagdinig sa apela ng tauhan, ngunit ang anumang pagdinig ng komisyon ay dapat na patuloy na dinadaluhan

ng tatlong itinalagang miyembro. Ang mga patakaran at regulasyon para sa paghirang ng mga miyembro ng komisyon sa serbisyong sibil ay magiging gaya ng higit pang itinakda ng konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansang naaayon dito. Ang komisyon sa serbisyong sibil ay papayuhan ng ligal na abogadong tagapayo, na sa pangkalahatan ay ang abogado ng lungsod, gaya ng maituturing na kailangan nito o ng abogado ng lungsod, maliban kung ang abogado ng lungsod ang kumakatawan sa humihirang na awtoridad. Ang komisyon sa serbisyong sibil ay magkakaroon ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkuling maaaring mabago sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod:

- (1) Magsagawa ng mga pagdinig na alinsunod sa mga patakaran at pamamalakad ng mga tauhan na pinagtibay ng konseho ng lungsod at gumawa ng mga pagpapasya at rekomendasyon dito sa konseho ng lungsod bilang panghuling awtoridad.
- (2) Magsagawa ng mga imbestigasyon tungkol sa mga pagdinig na nakabinbin sa harap nito.
- (3) Magkaroon ng kapangyarihang ipilit ang pagdalo ng mga saksi at paglikha ng mga dokumento sa pamamagitan ng subpoena, at suriin ang mga saksing haharap dito.
- (4) Magsagawa ng mga pagdinig sa mga protesta, karaingan, o katanungang lalabas sa ilalim ng sistema para sa mga tauhan sa harap ng komisyon sa serbisyong sibil. Ang sinumang taong naagrabyado ng anumang aksyon ng komisyon sa serbisyong sibil ay maaaring iapela ang naturang aksyon sa konseho ng lungsod, alinsunod sa mga pamamaraang itatatag sa pamamagitan ng ordinansa. Ang pagpapasya ng konseho ng lungsod sa anumang naturang apela ay magiging panghuli.
- (5) Pag-aralan ang mga patakaran at pamamalakad at gumawa ng mga rekomendasyon sa konseho ng lungsod sa pagpapabuti ng sistema para sa mga

tauhan sa pamamagitan ng pagpapahusay sa pagiging episyente at pagprotekta sa mga karapatan ng empleyado.

- (6) Gampanan ang ibang mga tungkuling tinukoy ng konseho ng lungsod na naaayon sa Tsarter na ito.

ARTIKULO VIII – MGA ELEKSYON.

SEKSYON 800. Awtoridad.

Ang mga eleksyon bilang mga kalakarang pangmunisipal, ang konseho ng lungsod ay magpapanatili ng ganap na awtoridad upang pangasiwaan ang eleksyon nito bagaman ang mga pamamaraan ay magiging alinsunod sa Kodigo ng mga Eleksyon ng California maliban kung sa ibang paraan ay itinakda dito, gaya ng nakatakda sa Seksyon 803 ng Tsarter na ito.

SEKSYON 801. Mga Pangkalahatang Eleksyong Munisipal.

Ang mga pangkalahatang eleksyong munisipal para sa eleksyon ng mga miyembro ng konseho ng lungsod at iba pang mga ibonotong opisyal ng Lungsod, at para sa iba pang mga naturang layunin gaya ng maaaring iatas ng konseho ng lungsod ay gaganapin sa Lungsod upang umayon sa pambuong-estadong pangkalahatang eleksyon.

SEKSYON 802. Mga Espesyal na Eleksyong Munisipal.

Ang lahat ng iba pang mga eleksyong munisipal na maaaring idaos ng awtoridad ng Tsarter na ito, o ng anumang batas, ay kikilalanin bilang espesyal na eleksyong munisipal.

SEKSYON 803. Mga Pamamaraan sa Pagdaos ng mga Eleksyon.

Ang lahat ng eleksyon ay gaganapin alinsunod sa mga probisyon ng Kodigo sa mga Eleksyon ng Estado ng California, gaya ng umiiral sa kasalukuyan at pagkatapos nito na maaaring mabago, para sa pagdaraos na mga eleksyong munisipal, hanggang sa abot na ito ay hindi sumasalungat sa Tsarter na ito. Ang konseho ng lungsod sa kalayaan nitong magpasya ay maaaring magpasyang isagawa ang mga eleksyon sa balotang pangkoreo sa pamamagitan ng naturang pamamaraan gaya ng maaaring iatas ng ordinansa.

SEKSYON 804. Inisyatiba, Reperendum at Pagbawi ng Katungkulan.

Mayroong mga nakareserba para mga manghahalal ng Lungsod na mga kapangyarihan sa inisyatiba at reperendum at sa pagbawi ng katungkulan ng mga ibinobotong opisyal na munisipal. Ang mga probisyon ng Kodigo sa mga Eleksyon ng Estado ng California, gaya ng umiiral sa kasalukuyan at pagkatapos nito na maaaring mabago, na namamahala sa inisyatiba at reperendum at pagbawi sa katungkulan ng mga opisyal na munisipal, ay iaangkop ang paggamit nito sa Lungsod sa sa abot na ang mga naturang probisyon ng Kodigo sa mga Eleksyon ay hindi sumasalungat sa mga probisyon ng Tsarter na ito.

ARTIKULO IX – PANGANGASIWA SA PANANALAPI.

SEKSYON 900. Piskal na Taon.

Ang piskal na taon ng pamahalaan ng Lungsod ay magsisimula sa unang araw ng Hulyo ng bawat taon at magtatapos sa ikatatlumpung araw ng Hunyo ng sumunod na taon.

SEKSYON 901. Taunang Badyet.

Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa ay magtatatag ng mga pamamaraan para sa paghahanda, pagrerepaso, pagpapatibay, pamamahagi at pangangasiwa ng taunang badyet o mga badyet para sa maraming taon. Magiging kabilang sa naturang badyet ang limang (5) taong programa sa pagpapabuti ng kapital. Maaaring magtatag ang konseho ng lungsod ng iba pang mga patakaran at pamamaraan tungkol sa taunang badyet, gaya ng mga patakaran sa reserba at mga huling araw ng pagpapatibay, sa pamamagitan ng resolusyon. Ang tagapamahala ng lungsod ay magiging responsable sa paghahanda ng badyet alinsunod sa mga naturang patakaran.

SEKSYON 902. Iminumungkahing Badyet, Pagsumite sa Konseho ng Lungsod.

Sa hindi babab sa apatnapu't limang (45) araw bago ang simula ng bawat piskal na taon, ang tagapamahala ng lungsod ay magsusumite sa konseho ng lungsod ng iminumungkahing badyet at gagawa ng mga kopya nito na gagamitin para sa inspeksyon ng publiko sa tanggapan ng klerk ng lungsod, sa opisyal na website ng Lungsod at sa (mga) Itinalagang Lugar ayon sa Seksyon 308 ng Tsarter na ito, at maaaring magamit ang naturang iba pang mga teknolohikal na pamamaraan upang maipabahagi ang impormasyon sa publiko ayon sa pagpapasya ng klerk ng lungsod. Pagkatapos repasuhin ang iminumungkahing badyet at gumawa ng mga naturang rebisyon gaya ng maaaring ituring na maipapayo, pagpapasyahan ng konseho ng lungsod ang oras para sa pagdaraos ng pampublikong pagdinig dito at magpapalathala ng isang paunawa nito nang hindi bababa sa sampung araw bago ang nasabing pagdinig. Ang mga kopya ng iminumungkahing badyet ay makukuha para sa inspeksyon ng publiko sa tanggapan ng klerk ng lungsod nang hindi bababa sa sampug araw bago ang nasabing pagdinig.

SEKSYON 903. Badyet, Pampublikong Pagdinig.

Sa oras at lugar ng tinukoy na paunawa, ang konseho ng lungsod ay magdaraos ng isang pampublikong pagdinig sa iminumungkahing badyet, kung saan ang mga interesadong tao ay bibigyan ng oportunidad na mapakinggan at magprisinta ng ebidensya. Ang pagdinig ay maaaring maipagpatuloy mapinsan-minsan ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 904. Badyet; Pagpapatibay.

Sa o bago ang unang petsa ng piskal na taon, ang konseho ng lungsod ay magpapatibay ng naturang badyet ayon sa itinuturing nitong naaangkop para sa piskal na taong iyon sa pamamagitan ng resolusyon. Sa kaganapang ang badyet ay hindi mapapagtibay bago ang unang petsa ng piskal na taon, ang konseho ng lungsod ay pagbabawalang pagpatibay ng pagtataas sa kompensasyon ng konseho sa panahon ng termino ng naturang piskal na taon. Kung ang konseho ng lungsod ay hindi nagpatibay ng badyet sa napapanahong paraan, ang badyet mula sa dating piskal na taon ay gagastusin hanggang sa ang badyet ay mapagtibay. Isang kopya ng inaprubahang badyet, na sinertipikahan ng klerk ng lungsod, ang ipa-file sa direktor ng pinansya at treasurer ng lungsod at isang karagdagang kopya ang ilalagay, at mananatiling naka-file, sa tanggapan ng klerk ng lungsod kung saan makikita para sa pag-inspeksyon ng publiko. Ang badyet na sinertipikahan sa ganoon paraan ay muling lilikhahin at ang mga kopya ay gagawin para magamit ng publiko at ng mga departamento, tanggapan at ahensya ng Lungsod.

SEKSYON 905. Badyet; Mga Paglalaan.

Mula sa epektibong petsa ng badyet, maraming halagang isinasaad doon gaya ng mga iminumungkahing gastusin ang magiging at ilalaan sa maraming departamento, tanggapan at ahensya para sa mga kaukulang bagay at mga layuning nakasaad. Ang

lahat ng inilalaan ay magtatapos sa katapusan ng (mga) piskal na taon na sakop ng badyet sa abot ng hindi magagastos ang mga ito o hindi mahihirapan sa batas.

Sa anumang pagpupulong pagkatapos ng pagpapatibay ng badyet, ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng resolusyon ay maaaring amyendahan o dagdagan ang badyet sa pamamagitan ng mosyong pinagtibay ng isang botong sumasang-ayon ng mayorya ng konseho ng lungsod na mag-aawtorisa sa paglipat ng mga hindi pa nagagamit na balanseng nakalaan para sa isang layunin sa iba pang layunin, o upang ilaan ang magagamit na mga pondong hindi kasama sa badyet, o upang kanselahin ang anumang paglalaang hindi nagastos o ipinagbabawal.

SEKSYON 906. Pangmunisipal na Pananalapi at Awtoridad sa Buwis.

A. Pangmunisipal na Pananalapi. Ang konseho ng lungsod ay partikular na inaawtorisahang pangasiwaan ang pangmunisipal na pananalapi at pagtibayin ang mga ordinansa, resolusyon at utos sa loob ng mga pangmunisipal na kalakaran ng Lungsod sa abot ng maipapahintulot sa mga tsarter na lungsod sa ilalim ng Saligang Batas ng Estado. Ang Lungsod sa kalayaan nitong magpasya ay maaaring sumunod sa mga batas ng estadong nangangasiwa sa pangmunisipal na pananalapi o iwasan ang mga pagpapatupad ng Estado ng California na sumasalungat sa mga ordinansa nito.

B. Mga Buwis, Singil at Pagtatasa. Ang Lungsod ay magkakaroon ng ganap na kapangyarihang ipatupad ang anumang mga buwis, pagtatasa, singil, o anumang iba pang mga hakbang para sa layunun ng paglikom ng kita na maaaring isabatas ng mga tsarter ng lungsod sa Estado ng California. Ang espesipikong pagtukoy sa batas, singil, o pagtatasa dito ay hindi naglilimit sa pangkalahatang awtorisasyong ipinagkakaloob sa Seksyon 906 na ito.

C. Mga Singil sa Epekto. Ang Lungsod ay magkakaroon ng kapangyarihang ipatupad ang mga singil upang pahupain ang mga epekto sa pagpapaunlad, o mga espesyal na singil o buwis sa lisensya sa negosyo, at pasukin ang mga pakikipagkasundo sa developer tungkol sa pagpapaunlad gamit ang mekanismong

pinansyahan ang kinakailangang imprastruktura. Ang anumang mga paglilimit sa mga singil at buwis ay hindi maaaring maglimit sa nakareserbang awtoridad ng Lungsod na magsabatas para sa kalusugan, kaligtasan at pangkalahatang kapakanan ng komunidad. Sa ilalim nito, ang awtoridad para ipatupad ang mga singil at mga espesyal na buwis ay kinabibilangan ng kakayahang magtatag ng mga singil o buwis sa bagong pagpapaunlad gaya ng mga negosyong lubos na gumagamit ng trak na mayroong malalaking epekto sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga kalye, kung saan ang singil ay ipapataw sa mga trak o mga humahawak ng trak at ang mga pondong malilikom ay gagamitin para sa konstruksyon o pagpapanatili ng mga daanan, bangketa at parkway, pag-iilaw, imprastruktura ng kalye at mga kaugnay na layunin.

SEKSYON 907. Limitasyon sa Awtoridad sa Buwis.

Sa kabila ng awtoridad sa Seksyon 906 ng Tsarter na ito upang ipatupad ang mga buwis, ang sumusunod na limitasyon ay iaangkop:

- (1) Pangkalahatang Buwis. Ang konseho ng lungsod ay hindi magpapataw, magpapalawig, o magtataas ng anumang pangkalahatang buwis para sa mga layunin ng pangkalahatang pamamahala maliban at hanggang sa ang buwis na iyon ay isinumite sa botante sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng botong sumasang-ayon ng konseho ng lungsod at inaprubahan ng isang mayorya ng boto ng mga botante. Ang pangkalahatang buwis ay hindi ituturing na itinaas kung ito ay ipinataw na antas na hindi mas mataas kaysa sa pinakamataas na antas na inaprubahan.
- (2) Espesyal na Buwis. Ang konseho ng lungsod ay hindi magpapataw, magpapalawig, o magtataas ng anumang espesyal na buwis para sa mga espesipikong layunin maliban at hanggang sa ang buwis na iyon ay isinumite sa botante sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng botong sumasang-ayon ng konseho ng lungsod at inaprubahan ng isang mayorya ng boto ng mga botante.

Ang espesyal na buwis ay hindi ituturing na itinaas kung ito ay ipinataw na antas na hindi mas mataas kaysa sa pinakamataas na antas na inaprubahan.

- (3) Buwis sa Ari-arian. Ang pinakamataas na halaga ng anumang buwis na ayon sa halaga sa real property ay hindi lalampas sa isang porsyento (1%) ng buong halaga ng pera ng naturang ari-arian gaya ng ipinagkaloob ng Saligang Batas ng Estado, maliban sa Lungsod pagdating sa pagkakautang sa bono para sa pagkuha o pagpapabuti ng real property. Gaya ng naturang buwis na dapat na isumite sa mga botante ng dalawang-katlo ng botong sumasang-ayon ng konseho ng lungsod at inaprubahan ng dalawang-katlong boto ng mga botante maliban sa gaya ng maaaring pahintulutan ng Saligang Batas ng California gaya ng nakatakda sa Seksyon 909 ng Tsarter na ito.
- (4) Mga Limitasyon sa Dobleng Pagbubuwis. Sa kabila ng anumang probisyon ng Tsarter na ito, ang sinumang taong sumusunod sa buwis sa Kabanata 3.5 ng Artikulo VI ng Kodigong Munisipal ng Carson gaya ng mababasa sa Kodigong iyon sa pag-apruba ng Tsarter, ay hindi mananagot sa anumang karagdagang buwis sa lisensya sa negosyo, kada barel na buwis o buwis sa pag-iimbak na hindi dating umiiral sa epektibong petsa ng Tsarter na ito. Ang limitasyong ito ay naaangkop sa mga pagtataas sa batayan o antas na umiral sa Kabanata 3.5 ng Artikulo VI ng Kodigong Munisipal ng Carson sa epektibong petsa ng Tsarter na ito. Bilang karagdagan, ukol sa sinumang taong sumusunod sa Kabanata 3.5 ng Artikulo ng Kodigong Munisipal ng Carson gaya ng mababasa sa Kodigo sa pag-apruba ng Tsarter, walang ordinansa, regulasyon, pagpapasya, liham ng opinyon o anumang iba pang katulad na ligal na awtoridad na nagpapataw ng karagdaganga iniaatas o regulasyon sa kapaligiran na hindi awtorisado ng Tsarter na ito ang iaangkop kung hindi rin ito maiaangkop sa kalakal, pagmamanupaktura at iba pang mga korporasyon ng negosyo sa pangkalahatan.

SEKSYON 908. Mga Singil at Pagtatasa.

A. Mga Singil. Sa pagtatatag ng mga singil para sa probisyon ng mga serbisyo sa kaugnay ng programang panregulatoryo, ang Lungsod sa pangkalahatan ay susunod sa naaangkop na batas ng estado, at sa lahat ng iniaatas ng Saligang Batas.

B. Mga Pagtatasa. Sa pagtatatag ng mga espesyal na distrito para sa mga pagtatasa ng ari-arian, ang Lungsod sa pangkalahatan ay susunod sa naaangkop na batas ng estado, at sa lahat ng inaatas ng Saligang Batas, ngunit maliban kung hindi naaayon sa naturang espesipikong awtoridad sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Seksyon 207 ng Tsarter na ito, ang Lungsod ay magkakaroon ng awtoridad na lumikha ng mga distrito para sa mga naturang layunin at magtatag ng mga pamamaraan para dito maliban kung hindi naaayon sa Saligang Batas ng Estado.

SEKSYON 909. Utang sa Bono.

Ang Lungsod ay magkakaroon ng ganap na kapangyarihan upang isailalim sa pagkakautang sa bono para sa layunin ng paglikom ng kita sa buong abot na mapapahintulutan sa mga lungsod ng tsat sa ilalim ng Saligang Batas ng Estado. Walang pagkakautang sa bono ang dapat na bumuo sa pangkalahatang obligasyon ng Lungsod ay maaaring malikha maliban kung inawtorisahan ng mga botong sumasang-ayon ng dalawang-katlo ng mga botanteng iyon na boboto sa naturang proposisyon sa anumang eleksyon kung saan ang tanong ay isusumite sa mga botante, nang may buong pagsunod sa mga probisyon ng Saligang Batas ng Estado at ng Tsarter na ito, ngunit sa kondisyong sa abot ng mapapahintulutan ng Saligang Batas ng Estado sa hinaharap para sa mas kaunting iniaatas kaysa sa dalawang-katlong boto ng mga botante tungkol sa tubig, duming tubig at tubig mula sa bagyo o iba pang mga pangmunisipal na pasilidad, ang mga probisyon ng Saligang Batas ng Estado ay iaangkop. Ang iniaatas na ito ay hindi iaangkop sa ibang mga anyo ng pangmunisipal na pananalapi kabilang ang pagbubuwis, mga pagtatasa at singil, na maaaring ipatupad alinsunod sa Seksyon 907 ng Tsarter na ito.

SEKSYON 910. Eleksyon para sa mga Pangunahing Proyektong Pangkapital.

Ang paglalaan at/o paggasta sa mga pondo ng Lungsod na lalabis sa dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ng Lungsod o anumang entidad nito, gaya ng awtoridad sa pagpipinansya ng publiko, para sa pagpapaunlad ng mga pampublikong pagpapabuti o mga pasilidad ay dapat na aprubahan ng dalawang-katlo ng botong sumasang-ayon ng konseho ng lungsod. Para sa mga layunin ng seksyong iyo, ang \$20,000,000 na trigger (“Halagang Trigger”) na nalalapat lamang sa pagpopondo ng Lungsod sa proyekto, at hindi anumang gawad o iba pang pagpopondo na hindi panlungsod, na hindi ibibilang tungo sa Halagang Trigger at hindi kasama ang mga gastos sa pagpipinansya, ngunit iaangkop kung ang mga pondo ng Lungsod ay naipalang magasta sa loob ng maraming taon upang isagawa ang proyekto. Dagdag dito, ang hindi maibibilang tungo sa Halagang Trigger ay ang mga sumusunod na gastusin:

- (1) Ang pagsasagawa ng mga pag-aaral ng posibilidad, trabaho ng pagdidisenyo, o iba pang aktibidad ng pagpapalano o bago ang konstruksyon, hangga’t walang nagagawang pangako na itayo ang mga pampublikong pagpapabuti o pasilidad;
- (2) Ang pagpapanatili, pagkukumpuni, o pagpapatakbo ng anumang pampublikong pagpapabuti o pasilidad;
- (3) Ang muling pagdisenyo o pagbabago ng anumang pampublikong pagpapabuti o pasilidad na nakatanggap na ng pag-apruba ng botante.

SEKSYON 911. Mga Pondo sa Negosyo.

A. Singil na Hindi Lumalampas sa Gastos. Ang Lungsod ay hindi maaaring magpataw ng bayad o singil para sa tubig o serbisyo sa alkantariya, mga pagkabit, pagbibigay ng permit, paglipat o anumang serbisyong lalampas sa gastos ng pagbibigay ng serbisyo.

B. Mga Pang-administratibong Singil Lamang Para sa Pangangasiwa ng Pondo. Ang Lungsod ay hindi maaaring mangolekta para sa sarili niyong pangkalahatang pondo bilang kapalit ng mga buwis, bayad o singil mula sa anumang pondo ng negosyo para sa pangangasiwa o anumang iba pang mga layunin maliban sa pangangasiwa ng pondo.

C. Walang Paghihiram Mula sa Pondo. Ang Lungsod ay hindi maaaring humiram ng mga pondong nasa reserba sa anumang pondo sa negosyo para sa paggamit nito o sa paggamit ng anumang iba pang departamento o programa ng Lungsod maliban sa kaso ng idineklarang emerhensya alinsunod sa batas ng Estado.

SEKSYON 912. Paghaharap ng mga Hinihingi.

A. Paghaharap ng mga Paghahabol para sa mga Nasira. Ang lahat ng paghahabol para sa mga nasira laban sa Lungsod ay pamamahalaan ng mga pangkalahatang batas ng Estado ng California, maliban kung sa ibang paraan ay itinakda ng konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa. Ang lahat ng paghahabol para sa mga nasira laban sa Lungsod ay dapat na maberipika at maiharap sa klerk ng lungsod sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkatapos ng pangyayari, kaganapan o transaksyon mula kung saan nangyari diumano ang mga pagkasira, o sa loob ng mas maikling panahon gaya ng sa ibang paraan ay ipinagkaloob ng batas, at dapat na ilagay nang nakadetalye ang pangalan at adres ng naghahabol, ang oras, petsa, lugar at mga pagkakataon sa pangyayari, at ang saklaw ng mga pinsala o pagkasirang tinamo. Ang lahat ng naturang paghahabol ay aaprubahan o tatanggihan ng utos ng konseho ng lungsod at ng petsang ibinigay ito. Maaaring italaga ng konseho ng lungsod ang awtoridad nito na tanggihan ang mga paghahabol sa tagapamahala ng lungsod, abogado ng lungsod, tagapamahala sa panganib o iba pang naaangkop na opisyal o pinuno ng departamento. Ang anumang paghahabol na hindi inaprubahan o tinanggihan ng konseho ng lungsod sa loob ng apatnapu't limang (45) araw ng paghaharap ng paghahabol sa klerk ng lungsod ay ituturing na tinanggihan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas.

B. Iba Pang Mga Paghahabol. Ang lahat ng iba pang mga hinihingi laban sa Lungsod ay dapat na sa paraang nakasulat at maaaring sa anyo ng isang bayarin, resibo, pasahod, o pormal na hinihingi. Ang bawat naturang hinihingi ay ihaharap sa direktor ng pinansya sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkatapos ng huling aytem ng akawnt o paghahabol na natamo, ngunit ang mga paghahabol na iniharap pagkatapos ng siyamnapung (90) araw ay maaaring pahintulutan sa kalayaan ng pagpapasya ng direktor ng pinansya. Ang direktor ng pinansya at treasurer ng lungsod, o kanilang mga itinalagang kinatawan, ay susuri sa lahat ng iniharap na mga paghahabol. Kung ang halaga nito ay ligal na dapat bayaran at mayroong mananatili sa mga aklat na isang hindi nagamit na balanse ng paglalaan laban sa kung saan ito ay maaaring isingil, ang hinihingi ay maaaprubahan at ang warrant ay kukunin para dito, na mababayaran mula sa tamang pondo. Maliban kung sa ibang paraan ang paghahabol ay tatanggihan, ngunit ang anumang naturang pagtanggihan ay maaaring ipawalang bisa ng konseho ng lungsod.

C. Paghaharap sa Konseho. Ang direktor ng pinansya ay magpaparating ng naturang hinihingi, sa kanilang pag-apruba o pagtanggihan dito na inendorso doon at ang warrant, kung mayroon, sa tagapamahala ng lungsod. Kung ang hinihingi ay isa para sa isang aytem na nakapaloob sa inaprubahang paglalaan ng badyet, ito ay mag-aatas ng pag-apruba ng tagapamahala ng lungsod at paunawa sa konseho ng lungsod, na sa ibang paraan ito ay mag-aatas ng pag-apruba ng konseho ng lungsod, kasunod ng pagpapatibay nito ng isang pag-aamyenda sa badyet na nag-aawtorisa ng naturang pagbabayad. Ang sinumang taong hindi nasisiyahan sa pagtanggihan ng konseho ng tagapamahala ng lungsod na aprubahan ang anumang hinihingi, sa kabuuan o bahagi, ay maaaring iharap ito sa konseho ng lungsod na, pagkatapos suriin ang bagay, ay maaaring aprubahan o tanggihan ang hinihingi sa kabuuan o bahagi.

D. Mga Pagsasampa ng Kaso. Walang paghahabla ang ihaharap para sa pera o mga nasira laban sa Lungsod o anumang komisyon o opisyal nito, ang naturang paghahabol man ay para sa pagkakasala o mga pagkasira ng kontrata, hanggang sa ang paghahabol o hinihingi para rito ay iniharap gaya ng itinakda rito at ang naturang paghahabol at hinihingi ay tinanggihan sa kabuuan o bahagi. Ang mga paghahabla ay

dadalhin sa loob ng panahong itinakda sa batas ng estado, maliban kung ang panahon ay ipagpapaliban ng konseho. Ang anumang mga halaga na pagkakautang sa Lungsod alinsunod sa ordinansa o resolusyon ay dapat na mabayaran sa oras, bago magsimula ang paghahabla, bagaman ang naghahabol ay maaaring magbayad sa ilalim ng protesta at tutulan ang pagbabayad. Ang abogado ng lungsod ay tutugon sa anumang paghahablanting nai-file sa ilalim nito sa ngalan ng Lungsod.

SEKSYON 913. Malayang Pag-oodit.

A. Ulat ng Pag-oodit. Ang konseho ng lungsod sa simula ng bawat piskal na taon ay magpapatrabaho ng isang kwalipikadong sertipikadong pampublikong accountant na, sa naturang oras o mga oras, maaaring matukoy ng konseho ng lungsod, at sa naturang iba pang oras gaya ng mapagpapasyahan ng accountant, susuriin ang mga aklat, rekord, imbentaryo at ulat para sa lahat ng opisyal at empleyadong tumatanggap, humahawak o nagpapalabas ng mga pampublikong pondo at sa lahat ng naturang opisyal, empleyado o departamento gaya ng maaaring iutos ng konseho ng lungsod. Sa hindi lalampas ng isang daan at walumpung (180) araw makalipas ang katapusan ng piskal na taon, ang panghuling pag-oodit at ulat ay isusumite ng naturang accountant sa konseho ng lungsod. Kung ang panghuling pag-oodit at ulat ay hindi naisumite, ang naturang accountant ay magkakaloob ng, sa hindi lalampas ng isang daan at walumpung (180) araw makalipas ang katapusan ng piskal na taon, paunawa sa tagapamahala ng lungsod at direktor ng pinansya na naglalarawan sa mga pagkaantala at inaasahang panahon para pagsusumite sa hinaharap. Ang panghuling pag-oodit at ulat ay isusumite, isang kopya nito ay ipapamahagi sa bawat miyembro ng konseho ng lungsod, isa sa tagapamahala ng lungsod, direktor ng pinansya at treasurer ng lungsod at abogado ng lungsod, at ang sapat na mga karagdagang kopya ng pag-oodit ang ilalagay sa file sa tanggapan ng klerk ng lungsod na makikita ng pangkalahatang publiko, at isang kopya ng pampinansyal na pahayag sa pagsasara ng piskal na taon ang makukuha sa opisyal na website ng Lungsod at sa mga Itinalagang Lugar alinsunod sa Seksyon 308 ng Tsarter na ito. Maaari ring gamitin ng klerk ng

lungsod ang ibang mga panteknolohiyang pamamaraan upang ipamahagi ang impormasyon sa publiko.

B. Liham ng Pamamahala. Bukod sa taunang ulat ng pag-oodit, ang taga-odit ay magsusumite ng liham ng pamamahala sa tagapamahala ng lungsod at direktor ng pinansya na tumutukoy sa mga iminumungkahing pagpapabuti sa mga panloob na kontrol at iba pang mga pampinansyal na pamamaraan na tinukoy ng taga-odit sa panahon ng pag-oodit. Ang direktor ng pinansya ay maghahanda ng isang nakasulat na pagtugon na nagsasaad ng mga aksyong isinagawa o iminungkahi na magreremedyo sa mga problema. Ang liham ng pamamahala at tugon ng direktor ng pinansya ay ihaharap sa konseho ng lungsod sa taunang ulat ng pag-oodit. Ang taga-odit ay maghaharap at ipapaliwanag nang bahagya ang mga resulta ng ulat ng pag-oodit sa isang regular o ipinagpalibang regular na pagpupulong ng konseho ng lungsod.

SEKSYON 914. Ordinansa sa Pagbili.

Ang konseho ng lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa, ay maaaring magtatag ng mga pamamaraan para sa pagkuha ng mga suplay, serbisyo, konstruksyon ng mga pampublikong gawain, mga on-call na kontrata, at iba pa. Ang naturang ordinansa ay maaaring magbigay ng mga iniaatas at pamamaraan para sa kompetitibong bidding, at igawad sa pinakamababang tumutugon at responsableng bidding maliban sa walang kompetitibong bidding ang iaatas para sa nag-iisang pinagmumulang mga kontrata, mga kontrata para sa mga propesyonal na serbisyo, mga kontratang pagdisenyo-pagpapatayo, o mga kontratang isinagawa bilang pagtugon sa mga pang-emerhensyang sitwasyon o iba pang espesyal na eksepsyon na inawtorisahan sa pamamagitan ng ordinansa ng konseho ng lungsod. Ang mga pormal na bid ay hindi kinakailangang makuha para sa mga serbisyo gaya ng mga propesyonal na serbisyo, kung saan ang mga salik na bukod sa presyo ay mahalaga, at ang mga hindi pormal na bid ay maaaring makuha mula sa hindi bababa sa tatlong (3) indibidwal o kompanya, at isang ulat ang ihahanda na nagdodokumento ng prosesong ginamit at mga dahilan sa pagpili ng tagapagkaloob. Ang naturang ordinansa ay maaari ring magtatag ng mga

pamantayan o mga kwalipikasyon para sa alternatibong bidding gaya ng (i) screening ng mga kontratista o nakapagkaloob ng mga bagay at serbisyo para sa proseso bago ang kwalipikasyon, o kompetitibong pagpaparehistrong batay sa ipinakitang kakayahan at karanasan sa mga katulad na proyekto sa pagpapalano, disenyo, pagpapaunlad, pinansya, konstruksyon, pagpapanatili, pagpapabuti, pagkukumpuni at mga katangian sa pagpapatakbo; (ii) mga on-call na kontrata, kung saan pagkatapos makumpleto ang proseso ng bidding, ang mga kontratista ay maaaring maghintay na makapagsagawa ng pang-emerhensyang pagpapanatili, trabahong pagkukumpuni at mga pampublikong pagpapabuti kapag kailangan (iii) piggyback bidding kung saan ang nagkukwalipikang proseso ng bidding sa isang pampublikong ahensya sa loob ng nakaraang 12 buwan ay nagreresulta sa isang nananalong bidder na ipapaabot ang parehong pagpepresyo sa Lungsod, (iv) pagdisenyo-pagtayo para sa mga pangunahing proyekto ng pampublikong gawaing nakabadyet sa mahigit limang milyong dolyar (\$5,000,000) kung saan dahil sa pagiging kumplikado ng proyekto, pipiliin ng Lungsod na magkaroon ng disenyo ng pangkalahatang kontratista at itayo ang proyekto para sa hindi nagbabagong halaga, ngunit ang kontratista ay dapat na mapili sa pamamagitan ng prosesong katulad ng unang nabanggit; at (v) mga katulad na pagkakataon kung saan ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa ay magtatatag ng mga naaangkop na kontrol na katulad ng unang nabanggit. Mga naaangkop na kontrol sa kontrata ang iaatas ng konseho ng lungsod sa ordinansa sa pagbili. Ang ordinansa sa pagbili ay magtatatag din ng pamantayan para sa seguro, pagbobono, pananagutan, kakayahang mailipat, mga utos sa pagbabago, mga nalikidang nasira, mga tuntunin, pagpapatupad at iba pang mga salik.

SEKSYON 915. Pag-outsource.

Maaaring pumasok sa isang kontrata ang Lungsod para sa anumang mga serbisyong maaaring isagawa sa isang superyor at nakatitipid na paraan ng naturang kontratista, maliban kung nililimitahan ng Saligang Batas ng Estado ng California. Rerepasuhin ng Lungsod pana-panahon ang umiiral nitong mga pagpapatakbo at serbisyo upang

isaalang-alang kung ang nasabing mga pagpapatakbo at/o mga serbisyo ay maaaring magawa sa parehong paraan o ng sa mas mahisay at epektibong paraan ng ikatlong partido. Ang anumang kontratang papasukan, alinsunod sa probisyong ito, ay aaprubahan ng konseho ng lungsod.

Sa kabila ng seksyong ito, upang maitaguyod ang mahusay na pangangasiwa at pagkumpleto ng mga proyekto ng konstruksyon ng Lungsod, ang Lungsod ay higit na magsusumikap na iareglo ang isang pambuong-Lungsod na kasunduan ng proyekto sa paggawa sa Konseho ng Kasanayan sa Pagpapatayo at Konstruksyon ng Los Angeles/Orange County upang saklawin ang magat ng proyekto ng konstruksyon ng Lungsod kung saan ang gastos sa Lungsod at limandaang libong dolyar (\$500,000) o higit pa. Ang kasunduan ng proyekto sa paggawa, bukod sa pagsunod sa mga Seksyon 2500 et seq. ng Kodigo ng Pampublikong Kontrata ay:

- (1) ilagay sa obligasyon ang lahat ng kontratista ng Lungsod at subkontratang nasa proyekto ng konstruksyon sa pamamagitan ng pagsama ng mga espesipikasyon sa lahat ng kaukulang probisyon ng solisitasyon at mga dokumento ng kontrata;
- (2) huwag pahintulutan ang mga kontratista at subkontratang makipagkumpitensya para sa o isagawa ang mga kontrata at subkontrata ng Lungsod nang hindi sumasang-ayon sa ibang paraan sa kasunduan ng proyekto sa paggawa para sa mga saklaw na proyekto;
- (3) limitahan ang mga garantiya laban sa mga welga, lockout at katulad na mga panggugulo sa trabaho;
- (4) magtakda ng preperensya sa pagtanggap ng mga lokal na manggagawa.
- (5) magtakda ng epektibo, mabilis, at mutwal na nagtatali sa obiligasyong pamamaraan sa pagresolba ng mga hindi pagkakasundo sa trabaho na nagmumula sa tuntunin ng kasunduan ng proyekto sa paggawa;

- (6) magbigay ng iba pang mga mekanismo para sa pagtutulongan ng manggagawa-tagapamahala sa mga bagay na may mutwal na interes at pag-aalala, kabilang ang produktibidad, kalidad ng trabaho, kaligtasam at kalusugan; at
- (7) tiyakin ang pagsunod sa naaangkop na mga pang-Estado, Pederal, at lokal na batas, at mga regulasyong namamahala sa kaligtasan at kalusugan, pantay na oportunidad sa trabaho, panlokal na preperensya sa trabaho, mga pamantayan sa paggawa at trabaho, at iba pang mga bagay.

Ang mga probisyon ng Seksyon 1770 et. seq. ng Kodigo ng Paggawa ng California tungkol sa pagbabawad ng mga umiiral na sahod sa mga pampublikong gawain at mga nauugnay na regulasyon, gaya ng umiiral ngayon at gaya ng maaaring maamyendahan, ay tinatanggap at ginagawang naaangkop sa Lungsod, mga departamento, lupon, opisyal, ahente at empleyado nito.

SEKSYON 916. Panlokal na Preperensya.

Maliban sa mga kontratang iyon na pinopondohan sa pamamagitan ng mga programa o kasama, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pederal o pang-estadong mga ahensya, na ipinagbabawal ang paggamit ng panlokal na preperansya, ang mga negosyo ng Carson ay maaaring pabigyan ng panlokal na preperensya para sa lahat ng kontrata para sa mga materyales, suplay, kagamitan, serbisyo, o pampublikong proyekto, pagkatapos lamang ng isang pagpapasya ng konseho ng lungsod na ang panlokal na preperensya ay inilalapat sa paraang naaayon sa mga naaangkop na batas, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pang-Estado at pederal na batas. Ang preperensya ay maaaring maging 5% sa mga kontrata hanggang sa isang milyong dolyar (\$1,000,000). Ang konseho ng lungsod ay maaaring magtatag at/o baguhin ang panlokal na preperensya sa pamamagitan ng ordinansang nagdedetalye ng mga pamamaraan at iniaatas para sa paggawad ng panlokal na preperensya sa mga lokal na negosyo.

SEKSYON 917. Regalo ng mga Pampublikong Pondo.

Ang Lungsod ay hindi maaaring magbigay o magpahiram ng anumang pampublikong pera, bagay na may halaga, o anumang iba pang uri ng mga pampublikong pondo, sa pamamagitan ng regalo, pangako ng kredito, pagbabayad sa mga pananagutan o katulad na aksyon, sa sinumang tao o entidad, pampubliko o pribado, sa anumang paraan maliban sa mga sumusunod:

- (1) Maaaring magbigay ang Lungsod ng pampinansyal na tulong para sa mga layunin ng pagpapaunlad ng ekonomiya alinsunod sa mga pamamaraang nakalagay sa Seksyon 206 ng Tsarter na ito.
- (2) Ang Lungsod sa pamamagitan ng resolusyon ng konseho ng lungsod ay maaaring magbigay o magpahiram ng mga pampublikong pondo para sa mga gastusin o paglalabas ng pera para sa kapakinabangan ng mga paaralang nasa loob ng teritoryo ng Lungsod.
- (3) Ang konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa at maaaring pagtibayin ang mga pamamaraan upang awtorisahan ang pampublikong pagpopondo para sa ibang mga pampubliko o nagkakawang-gawang organisasyon.
- (4) Anumang regalo ng mga pampublikong pondong nakalagay sa mga subseksyon (2) at (3) sa itaas, ay ipagkakaloob lamang kung (i) ang Lungsod ay, sa panahon ng pag-apruba, nagpapatakbo sa isang balanseng badyet, at (ii) inaprubahan ng dalawang-katlong boto ng konseho ng lungsod.

ARTIKULO X – MGA PRANGKISA

SEKSYON 1000. Paggawad ng mga Prangkisa.

Ang sinumang tao, kompanya o korporasyong nagkakaloob sa Lungsod o sa mga naninirahan dito ng transportasyon, komunikasyon, mga pasilidad na terminal, pagtatapon ng basura, kalinisan, pagreremedyo sa basura, tubig, ilaw, init, elektrisidad,

gas, kuryente, telebisyon, pagpapalamig, pag-iimbak o anumang iba pang pampubliko o utilidad o serbisyong bahaging pampubliko; o gumagamit ng mga kalye, daanan, eskinita o para sa pagpapatakbo ng mga gawain sa planta o kagamitan para sa pagkakaloob dito, para sa pagkakaloob ng imbakan, o pagdaan sa anumang bahagi ng Lungsod para sa paghahatid o pagpaparating ng anumang naturang serbisyo sa ibang lugar, ay maaaring atasan sa pamamagitan ng ordinansa na magkaroon ng isang balido at umiiral na prangkita para dito. Maaaring gamitin ng Lungsod ang mga umiiral na batas ng estado para sa paggawad ng mga tinutukoy na prangkisa, o maaaring magtatag ng isang naaangkop na pangkalahatan o espesipikong proseso para sa paggawad ng mga prangkisa sa pamamagitan ng ordinansa, at ikondisyon ang naturang mga prangkisa sa isang paraang pinakamabuting pumuprotekta sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan, ngunit hindi makikialam sa mga karapatan sa ari-ariang protektado ng Saligang Batas ng Estado. Ang konseho ng lungsod ay binibigyan ng kapangyarihang maggawad ng naturang prangkisa sa sinumang tao, kompanya o korporasyon, ito man ay pinapatakbo sa ilalim ng umiiral na prangkisa o hindi, at upang iatas ang mga takda at kondisyon ng anumang naturang gawad upang protektahan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan, bawasan ang mga epekto sa kapaligiran, pahupain ang mga epekto sa ari-arian, kabilang ang mga nakapaligid na ari-arian, iwasan ang mga pakikialam sa mga pagpapatakbo ng Lungsod, at siguraduhin ang pagbawi sa gastos. Ang Lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa, ay maaaring magkaloob ng pamamaraan o proseso at mga karagdagang takda at kondisyon ng anumang naturang gawad o ng paggawa nito, kung saan ang lahat ay sumasailalim sa mga probosyon ng Tsarter na ito.

SEKSYON 1001. Resolusyon ng Intensyon; Paunawa at Pampublikong Pagdinig.

A. Resolusyon ng Layon. Maliban kung sa ibang paraan ay ipinagkakaloob ng konseho ng lungsod sa pamamagitan ng ordinansa, bago igawad ang anumang prangkisa, ang konseho ng lungsod ay magpapasa ng isang resolusyong nagdedeklara

ng layunin nitong igawad ang pareho, na isinasaad ang pangalan ng iminumungkahing gagawaran, karakter ng prangkisa at mga takda at kondisyon kung saan ito ay iminumungkahing igawad. Ang resolusyon ay mag-aayos at magtatakda sa araw, oras at lugar kung kailan at saan ang sinumang mga taong may anumang interes dito o anumang pagtutol sa paggawad nito ay maaaring humarap sa konseho ng lungsod at mapakinggan doon. Didirektahan nito ang klerk ng lungsod na ilathala ang nasabing resolution nang hindi bababa sa isang beses, sa loob ng labinlimang araw ng pagpasa nito, sa isang pahayagan ng pangkalahatang sirkulasyon sa Lungsod, na nakapaskil sa opisyal na website ng Lungsod at sa ibang (mga) lokasyon gaya ng maaaring italaga ng klerk ng lungsod gamit ang mga pinakamodernong paraang magagamit upang ipalaganap ang impormasyon sa publiko. Ang nasabing paunawa ay ilalathala nang hindi bababa sa sampung araw bago ang petsa ng pagdinig.

B. Pagdinig; Paggawad.. Sa oras na itinakda para sa pagdinig, ang konseho ng lungsod ay magpapatuloy sa pagdinig at pagpasa sa lahat ng mga protesta at ang pagpapasya nito rito at magiging panghuli at pangwakas. Pagkatapos nito, maaaring nitong igawad ang prangkisa sa pamamagitan ng ordinansa sa mga takda at kondisyong tinukoy sa resolusyon ng intensyong igawad ang pareho, na sumasailalim sa karapatan ng reperendum ng mga tao, o maaari nitong itanggi ang paraho. Kung ipapasya ng konseho ng lungsod na ang mga pagbabago ay dapat na mailagay sa mga takda at kondisyon na kung saan ang prangkisa ay iminumungkahing maigawad, isang bagong resolusyon ng intensyon ang papagtibayin at ang katulad na mga pagpupulong dito. Kaugnay ng paggawad ng anumang prangkisa, ang konseho ng lungsod ay maaaring magtakda at mangolekta ng anumang singil sa prangkisang itinuturing nitong posible, hangga't ang naturang singil ay makatwiran at hindi nangungumpiska.

SEKSYON 1002. Termino ng Prangkisa.

Ang bawat prangkisa ay magsasaad ng termino para kung saan ito ay iginawad, na hindi lalampas ng sampung taong may pinakamaraming dalawang oportunidad upang palawigin ang prangkisa para sa karagdagang limang taon sa bawat isa. Ang mga

ekstensyon ay sasailalim sa pag-apruba ng mayorya ng mga miyembro ng konseho ng lungsod. Ang anumang kasunduan sa prangkisang pinasukan ng Lungsod at may bisa sa epektibong petsa ng Tsarter na ito, na may terminong napapalawig nang lampas sa dalawampung taon pagkatapos ng epektibong petsa ng Tsarter na ito, ay magpapatuloy sa pagiging may bisa ng hanggang labinlimang taon na lampas sa epektibong petsa sa Tsarter, at hindi na lalampas ma, maliban kung ang anumang nagpaprangkisang may prangkisang may bisa sa epektibong petsa ng Tsarter na ito ay maaaring humiling ng ekstensyon sa prangkisa mula sa konseho ng lungsod na lampas sa labinlimang taong limit. Ang konseho ng lungsod ay maaaring maggawad ng mas mahabang termino depende sa kaso kung matatagpuan nito ang sampung taong limit ay magpapahina sa kakayahan ng nagpaprangkisang maisakatuparan ang makatwirang balik na kita sa pamumuhunan ng mga pondong ipinuhunan mula sa oras na ipinuhunan at bago ang epektibong petsa ng Tsarter na ito, sa pagdepende sa prangkisa. Ang makatwirang balik na kita sa pamumuhunan, ayon sa Seksyon 1004 ng Tsarter na ito, ay bibigyang halaga lamang ang mga kongkretong ari-arian at hindi ang halaga ng prangkisa. Sa paggawa ng mga naturang paghahabol, magiging obligasyon ng prangkisa na lumikha ng mga panloob na rekord upang ipakita ang halaga ng pamumuhunan at balik na kita doon. Ipoproklama ng konseho ng lungsod ang mga patakaran at regulasyon para sa paggawa at pagsasaalang-alang ng mga aplikasyon para sa mga prangkisang may mahabang termino.

SEKSYON 1003. Mga Layunin ng Artikulo; Hindi Naaangkop sa Lungsod.

A. Layunin. Inilahad ng Seksyon 206 ng Tsarter na ito ang ilang mga masasamang pangyayaring may kinalaman sa pagpapaunlad ng Lungsod. Kabilang dito, sa ilang mga pangyayari, ang pag-apruba sa ilang mga pangmatagal na panahong paggamit, kabilang ang mga prangkisa, na may masamang epekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan at ari-arian, at para sa mga layunin ng Artikulong ito ay kinabibilangan ng, na naaayon sa makatarungang proseso, ang kakayahang wakasan ang mga prangkisa at magpatibay ng naaangkop na mga regulasyong may kinalaman sa mga naturang paggamit.

B. Hindi Naaangkop sa Lungsod. Walang inaatas ng Lungsod sa prangkisa ang iaangkop sa Lungsod, o sa anumang subdibisyon, departamento, o dibisyon dito.

SEKSYON 1004. Eminent Domain (Karapatan ng Pamahalaan sa Pribadong Ari-arian).

Walang gawad sa prangkisa, sa anumang paraan, o sa anumang saklaw, ang magpapahina o makakaapekto sa karapatan ng Lungsod na kunin ang ari-arian ng ginawaran nito sa pamamagitan man ng pagbili o sa pamamagitan ng paggamit ng karapatang eminent domain (karapatan ng pamahalaan sa pribadong ari-arian), at wala sa nakapaloob dito ang maaaring maunawaan bilang ipinapakontrata sa iba o binabago o pinapaikli, para man sa isang termino o panghabang-buhay, ang karapatan ng Lungsod sa eminent domain (karapatan ng pamahalaan sa pribadong ari-arian) na may kinalaman sa anumang pampubliko o pribadong entidad. Sa naturang pamamaraan, walang halaga ang maitatalaga sa mismong mga karapatan ng prangkisa, ngunit para lamang sa mga muwebles o kagamitan, o iba pang mga interes na lalabas mula sa paggamit ng mga karapatan sa prangkisa, gaya ng maaaring mabigyan ng kompensasyon sa ilalim ng mga pangkalahatang batas ng Estado ng California.

**DITO NAGTATAPOS ANG
IMINUMUNGKAHING TSARTER NG LUNGSOD
NG LUNGSOD NG CARSON**

POSTMASTER :

DATED MATERIAL. Please deliver promptly.

PANGKALAHATANG ELEKSYONG MUNISIPAL APLIKASYON SA PAGBOTO SA KOREO

I-clip lamang, lagyan ng selyo, at ipakoreo. Dapat na matanggap sa o bago mag-Martes, Oktubre 30, 2018.

APPLICATION FOR A "VOTE BY MAIL" BALLOT SOLICITUD PARA UNA BOLETA PARA "VOTAR POR CORREO"

FOR OFFICIAL USE ONLY:	
Precinct No.	Ballot No.
Date Issued	Date Returned
Use area below for barcode of voter id # and identification number	

City of Carson / Ciudad de Carson
General Municipal Election / Eleccion Municipal General
Tuesday, November 6, 2018 / Martes, de Noviembre de 6, 2018

To obtain a "Vote by Mail" ballot, complete the information on this form.
Para obtener una boleta de poder "votar por correo", llene la información en este formulario.

This application must be received by the elections official not later than 7 days prior to the election.
Esta solicitud debe ser recibida por el funcionario de elecciones 7 días antes de la elección.

Print Name / <i>Escriba Nombre con letra de Imprenta</i>		Date of Birth (mo/day/yr) / <i>Fecha de Nacimiento:</i> _____	
_____	_____	_____	_____
First / <i>Nombre</i>	Middle / <i>Segundo Nombre</i>	Last / <i>Apellido</i>	
Residence Address in the City (PO Box, Rural Route not acceptable) <i>Domicilio donde reside en la ciudad (no acepta Apartado Postal o Zona Rural)</i>			

City and Zip / <i>Ciudad y código postal</i>		Telephone Number / <i>Numero de Teléfono</i>	
_____		_____	
THIS APPLICATION WILL NOT BE ACCEPTED WITHOUT THE PROPER SIGNATURE OF THE APPLICANT ESTA SOLICITUD NO SERA ACEPTADA SIN LA DEBIDA FIRMA DEL SOLICITANTE.			

**PRINT MAILING ADDRESS FOR BALLOT
ESCRIBA SU DIRECCIÓN POSTAL PARA
RECIBIR LA BOLETA**
(If different from your residence address)
(Solo si la dirección es diferente de donde usted reside)

Note: Organizations distributing this form may NOT preprint the mailing address information.
NOTA: Las organizaciones que distribuyen este formulario NO podran imprimir anticipadamente la información con las direcciones postales.

Number & Street / P.O. Box / *Numero y calle* _____

City / *Ciudad* _____ State / *Estado* _____ Zip / *Código Postal* _____

I have not applied, nor do I intend to apply for, a Vote by Mail ballot for this election by any other means. I certify under penalty of perjury under the laws of the State of California that the name and residence address and information I have provided on this application are true and correct.

No he solicitado, ni tengo el propósito de solicitar, una boleta de elector para votar por correo por algún otro medio. Hago constar bajo pena de perjurio conforme a las leyes del Estado de California que el Nombre, el domicilio donde resido, y la información que he proporcionado en esta solicitud son correctos y verdaderos.

X _____ DATE / FECHA _____
SIGNATURE OF APPLICANT / FIRMA DEL SOLICITANTE
WARNING: Perjury is punishable by imprisonment in state prison for two, three or four years. (Section 126 of the California Penal Code.)
ADVERTENCIA: El falso testimonio se castiga con encarcelamiento de dos, tres o cuatro años en la prisión estatal s. (Sección 126 del Código Penal de California.)

NOTICE / AVISO
You have the legal right to mail or deliver this application directly to the local elections official where you reside.
Usted tiene el derecho legal de enviar esta solicitud por correo, o entregla directamente al funcionario de elecciones donde usted reside.

To / A:
**Office of the City Clerk
701 E. Carson Street
Carson, CA 90745
310-952-1720 / 310-513-6243 (fax)**

Returning this application to anyone other than your elections official may cause a delay that could interfere with your right or ability to vote.
El devolver esta solicitud a alguna otra persona que no sea su funcionario de elecciones, podría causar retrasos que obstaculizarían su derecho o capacidad a votar.

The format used on this application MUST be used by ALL individuals, organizations, and groups who distribute Vote by Mail ballot applications. CA Elections Code 3007.
El formato utilizado en esta solicitud DEBE ser usado por TODAS las personas, organizaciones, y grupos que distribuyan las solicitudes de boleta para votar por correo. Sección 3007 del Código de Elecciones de California.

Failure to conform to this format may result in criminal prosecution. CA Elections Code 18402.
El no acatar con este formato podría resultar en que la persona sea procesada penalmente. Sección 18402 del Código de Elecciones de California.

Any voter may apply as a PERMANENT VOTE BY MAIL VOTER.
Contact your local COUNTY ELECTIONS OFFICIAL for further information.
Cualquier elector podrá solicitar ser VOTANTE POR CORREO PERMANENTE. Póngase en contacto con su FUNCIONARIO DE ELECCIONES DEL CONDADO para más información.

THIS FORM IS PROVIDED BY / ESTE FORMULARIO ES PROPORCIONADO POR

Important: Organizations providing this form must enter their name, address & telephone number
IMPORTANTE: Las organizaciones que distribuyan este formulario deben poner su nombre, dirección y número de teléfono.

NOTE: Use of barcoding of the voter's identification number somewhere on this form will assist in a faster turn-around of the Vote by Mail ballot.